

Mahalaga ang Aking Boto

Plano ng California sa Pagboto sa ika-21 Siglo



Sekretaryo ng Estado **KEVIN SHELLEY**

**myVote
counts**

www.myvotecounts.org

HAVA: Batas para Tulungang Bumoto ang Amerika
(HAVA: Help America Vote Act)

MAHALAGA ANG AKING BOTO:
PLANO NG CALIFORNIA SA PAGBOTO SA IKA-21 SIGLO

MGA NILALAMAN

PAGSASABUOD NG TAGAPAGPAGANAP	1
PANIMULA	3
PANGKALAHATANG-TANAW	6
UNANG SEKSIYON: PAGSUNOD SA MGA INIAATAS NG TITULO III	9
IKALAWANG SEKSIYON: PAMAMAHAGI NG KABAYARAN SA MGA INIAATAS	18
IKATLONG SEKSIYON: EDUKASYON NG BOTANTE, PAGSASANAY NG OPISYAL SA ELEKSIYON, AT PAGSASANAY NG MANGGAGAWA SA BOTOHAN	19
IKAAPAT NA SEKSIYON: MGA PATNUBAY AT PROSESO NG SISTEMA NG PAGBOTO	22
IKALIMANG SEKSIYON: PAMAMAHALA NG PONDO NG HAVA	23
IKAANIM NG SEKSIYON: BADYET	24
IKAPITONG SEKSIYON: PAGPAPANATILI NG PAGSISIKAP	28
IKAWALONG SEKSIYON: MGA HANGARIN AT HAKBANG SA PAGGANAP	29
IKASIYAM NA SEKSIYON: MGA PAMAMARAAN SA REKLAMONG PAMPANGASIWAAN NA NAKABASE SA ESTADO	30
IKASAMPUNG SEKSIYON: EPEKTO NG MGA KABAYARANG TITULO I	31
IKALABING-ISANG SEKSIYON: PAMAMAHALA NG PLANO NG ESTADO NA HAVA	32
IKALABINDALAWANG SEKSIYON: MGA PAGBABAGO SA PLANO NG ESTADO MULA SA NAUNANG TAON NG PANANALAPI	33
IKALABINTATLONG SEKSIYON: KOMITE SA PAGBUO NG PLANO NG ESTADO	34
MGA MIYEMBRO NG KOMITE SA PLANO NG ESTADO	37
MGA TALANG PANDULO	47



PAGSASABUOD NG TAGAPAGPAGANAP

Setyembre 2003

Ang Demokrasya sa Amerika ay nasa krus na daan. Ang pagtitiwala ng botante sa proseso ng pagboto ay nasira ng karanasan sa Florida noong Nobyembre 2000. Ang paglahok sa Pangkalahatang Eleksiyon ng Nobyembre 2002 sa buong bansa ay tinantiyang 39.9 na porsiyento lamang.¹ (Tingnan ang mga talang pandulo) Maraming mamamayan ngayon na nakadarama ng kawalan ng kaugnayan sa proseso ng pagboto.

Bilang tugon sa mga krisis sa tiwala at paglahok ng botante, ipinasa ng Kongreso at pinirmahan ng Presidente ang Batas ng 2002 Para Tulungan ang Amerika na Bumoto ("HAVA") noong Oktubre 2002. Ang pederal na batas na ito ay maraming hiniram sa mga hakbang ng California upang ibalik ang tiwala ng botante at bigyang-daan ang paglahok, kabilang ang pagsasamoderno ng kagamitan sa pagboto. Ang California ay nanguna sa pagsisikap na ito sa pamamagitan ng Shelley-Hertzberg na Batas sa Bono ng 2002 Para sa Pagsasamoderno ng Pagboto, Panukala 41, pinagtibay ng mga botante noong Marso 2002.

Ang California, gayunman, ay may sariling krisis sa paghalal, gaya ng pinatutunayan ng nakakagulat sa babang pagboto ng 36 na porsiyento lamang ng ating mga karapat-dapat na mamamayan sa mga botohan nitong nakaraang Nobyembre. Bilang Sekretaryo ng Estado, wala akong prioridad na mas mataas pa sa pagbabalik ng tiwala ng botante sa integridad ng proseso ng pagboto at pagtataas ng paglahok ng mga may-kaalamang botante. Upang isulong ang mga layuning ito, humirang ako ng 24 na miyembrong Komite sa Pagpapayo, binubuo ng magkakaiba, kumakatawan sa mga taga-California, upang tulungan ako sa paggawa ng plano para sa pagboto sa ika-21 Siglo.

Ang Komite ay nagsagawa ng limang pampublikong pagdinig - sa Los Angeles, San Diego, San Francisco, Fresno at Sacramento. Narinig namin ang higit sa 250 taga-California na nagbahagi ng kanilang mga ideya tungkol sa kung paaano gagawin ang proseso ng pagboto na mas madali at mas ligtas at kung paano pinakamahusay na maipatutupad ang mga probisyon ng HAVA sa ating estado na walang-katulad ang sukat at binubuo ng iba-ibang tao.

Noong ika-17 ng Hunyo, 2003, inihanda ko para sa pagsisiyasat at komentaryo ng publiko ang aking Preliminaryong Plano, naglathala ng paunawa tungkol dito. Pagkaraan, nagpalabas ako ng pabalita na humihiling ng pagsisiyasat at komentaryo, naglagay ng isang kopya ng Preliminaryong Plano sa Ingles at Espanyol sa aking opisyal na website at nagpadala ng mga kopya sa mga interesadong indibidwal at organisasyon. Ang Preliminaryong Plano ay namalaging ipinapakita sa publiko hanggang ika-17 ng Hulyo, 2003. Tumanggap ako ng 53 nakasulat na komentaryo tungkol sa Preliminaryong Plano.

Ang testimonya at kontribusyon ng publiko mula sa mga miyembro ng Komite sa Pagpapayo ay malaki ang naitulong sa paggawa ng aking Preliminaryong Plano. Sa paghahanda ng Pangwakas na Plano, maingat kong isinaalang-alang ang testimonya ng publiko at ang kontribusyon mula sa mga miyembro ng Komite sa Pagpapayo at isinaalang-alang ko ang mga karagdagang komentaryo ng publiko at ng Komite sa Pagpapayo bilang tugon sa aking Preliminaryong Plano. Ang Pangwakas na Plano ay nagpapakita ng kontribusyon at mga komentaryong ito.

Ang "Mahalaga ang Aking Boto" ay isang masaklaw na mapa upang ibalik ang tiwala ng botante, isang pangangailangan para sa mas mataas na paglahok. Ang "Mahalaga ang Aking Boto" ay nagdedetalye kung paano ipatutupad ng California ang HAVA bilang bahagi ng ating patuloy na hamon upang gawin ang ating proseso ng pagboto na mas pantay, mas madaling gamitin at mas ligtas. Ang bawat karapat-dapat na mamamayan ay dapat makapagsabi ng "Mahalaga ang Aking Boto" at alam na ito ay totoo. Ang aking plano ay nananawagan para sa:

- ◆ Pagsasamoderno ng kagamitan sa pagboto. Ang mga makina sa pagboto na punch card (binubutasang kard) ay papalitan.
- ◆ Pagiging madaling puntahan ng lahat ng lugar na botohan para sa mga indibidwal na may mga kapansanan o nangangailangan ng tulong sa wika. Ang bawat lugar na botohan ay magkakaroon ng kahit isang kagamitan sa pagboto na touch screen (pagsagi sa tabing).
- ◆ Pagpapahusay ng proseso ng pansamantalang boto ng California. Malalaman ng mga bumoto ng pansamantalang balota kung ang kanilang mga boto ay ibinilang.
- ◆ Pagpapabuti ng impormasyong ibinigay sa mga botante. Makakatanggap ang mga botante ng mas maraming impormasyon sa kanilang mga lugar na botohan at sa iba pang lugar.
- ◆ Pagpapabuti ng pambuon-estadong tipunan ng impormasyon ng pagpaparehistro ng botante.
- ◆ Pagpapalawak ng mga pagsisikap ng California upang ipagbigay-alam sa mga karapat-dapat na mamamayan ang tungkol sa proseso ng pagboto. Mas malaking pagsisikap ang gagawin upang maabot ang mga karapat-dapat na mamamayan, kabilang ang mga kabataan, tungkol sa pagboto.
- ◆ Pagtataas ng edukasyon at pagsasanay ng mga opisyal sa mga eleksiyon at mga manggagawa sa botohan. Ang mga opisyal sa mga eleksiyon, kabilang ang mga manggagawa sa botohan, ay tatanggap ng higit na edukasyon at pagsasanay.
- ◆ Pagpapabuti ng pamamaraan sa reklamo ng California. Ang kasalukuyang pamamaraan sa reklamo ng California tungkol mga paglabag umano sa batas sa mga eleksiyon ay gagawing pormal at mas madaling gamitin.

Ang pagpopondo sa plano ay batay sa mga pondong inawtorisa ng HAVA at Panukala 41. Sa panahong ito, ang eksaktong gastos sa pagpapatupad ay imposibleng matiyak. Sa mga pagkakaiba ay kabilang ang halaga ng perang inilaan ng Kongreso sa mga susunod na taon at sa mga paraan ng pagpapatupad na ipinasiyang pinakamabisang paggasta. Lahat ng paggasta ay napapailalim sa mahihigpit na pamamaraan ng pederal na pagsusuri.

Determinado akong gawin ang "Mahalaga ang Aking Boto" na praseng naglalarawan ng pinakabuod ng pagboto sa California.

KEVIN SHELLEY
Sekretaryo ng Estado

PANIMULA

Ang California ay inilalarawan sa mga katangiang nangunguna, una sa mga estado sa populasyon, enerhiyang pangkabuhayan at mayamang pagkakaiba-iba sa kultura, etniko at wika. Sa maraming henerasyon ito ay magneto, umaakit ng mga abenturista, nagbabakasakali at mga mapangarapin sa lahat ng dako ng mundo na pumunta sa mga lambak nito, mga bundok at baybay-dagat sa paghahanap ng mas mabuting buhay para sa kanila at para sa kanilang mga anak. At para sa marami, ang salawikain ng estado, Eureka - "Natagpuan ko ito" - ay nagsasabi ng lahat. Tunay, natagpuan ng marami at patuloy na natatagpuan ng marami na ang California ay lupa ng pagkakataon.

Ang sistema ng paghalal sa California ay nagpapakita ng natatanging sukat at pagkakaiba-iba ng estado. Ito ay may populasyon ng bumobotong edad na mga 21,588,461,² nagbibigay sa California ng 53 puwesto sa Kapulungan ng mga Kinatawan at higit sa 10 porsiyento ng mga puwesto sa Kolehiyong Panghalal. Ang mga pederal na eleksiyon ay isinasagawa ng 58 county ng estado sa ilalim ng pamamahala ng Sekretaryo ng Estado ng California, na naglilingkod bilang Punong Opisyal sa mga Eleksiyon.³ Ang county na may pinakamaraming tao sa California, Los Angeles, ay ang pinakamalaking hurisdiksiyon sa pagboto na may populasyon ng nasa edad para bumoto na 5,541,908, habang ang pinakamaliit na county, Alpine, ay mayroon 919 lamang na taong nasa edad para bumoto.⁴

Ang pagsasagawa ng walang-maling eleksiyon sa California ay mahirap, ginagawang mapanghamon dahil sa maraming pangyayari na nagaganap sa California at mga repormang idinisenyo upang palawakin ang pagkakataon sa paglahok ng mamamayan sa prosesong pampulitika. Kabilang dito ang:

BILANG NG MGA PRESINTO

Ang California ay may mga 25,000 presinto. Ang paglalagay ng mga tauhan sa mga lugar na ito na botohan para sa mga eleksiyon sa buong estado ay nangangailangan ng higit sa 100,000 maaasahan, sanay na mga manggagawa sa botohan sa mga lugar na maginhawa at madaling puntahan. Ang pagkuha at pagsasanay ng sapat na manggagawa sa botohan, at paglalagay ng mga angkop na botohan ay patuloy na humahamon sa mga opisyal sa mga eleksiyon ng California.

MGA MATERYAL SA ELEKSIYON

Sa bawat pederal na eleksiyon sa buong estado, ang California ay nagpapadala sa bawat sambahayang may nakarehistrong botante ng isang Pamplet ng Balota ng California na may impormasyon tungkol sa mga panukalang-batas sa balota, mga kandidato na pambuong-estado, kuwalipikadong partidong pampulitika at ibang mga bagay. Bilang karagdagan, ang bawat botante ay tumatanggap mula sa mga lokal na opisyal sa mga eleksiyon ng isang halimbawang balota, isang lokal na pamplet ng balota, at ibang impormasyon. Ang mga karagdagang materyal sa eleksiyon ay makukuha sa mga opisyal na website sa eleksiyon at sa mga lugar na botohan. Ang paghahanda at pagkakaloob ng mga materyal ay mahirap at ang pagsusuri ng materyal ay maaaring magpahirap sa ilang botante.

PAGIGING MASALIMUOT NG BALOTA

Ang California ay kilala sa pagkakaroon ng masalimuot na balota. Ang mga balota ng California ay madalas na mahaba, dahil sa maraming panukalang-batas at mga pinaglalabanang posisyon na inihaharap sa mga botante, at marami ring partidong pampulitika na kuwalipikadong lumahok sa mga eleksiyon sa California. Ang pagiging masalimuot ng balota ay may tuwirang epekto sa paglahok ng botante, ginagawang kumplikado ang mga pagsisikap na humimok ng paglahok ng mamamayan sa mga botohan.

LIBU-LIBONG MAGKAKAIBANG URI NG BALOTA

Sa isang primaryang eleksiyon na pambuong estado, ang mga opisyal sa mga eleksiyon ng California ay dapat bumuo ng higit sa 60,000 magkakaibang uri ng balota. Kaya malaki ang panganib na magkaloob ng di-tamang uri ng balota sa sa isang botante.

HEOGRAPIYA

Ang California ay may ilan sa pinakaurban at pinakarural na lugar sa bansa. Ang mga lugar na maraming tao tulad ng San Francisco ay ibang-iba sa mga bukas na kalupaan ng County ng Modoc o ng mga gubat ng County ng Trinity o ng mga disyerto ng County ng San Bernardino, ang pinakamalaking county batay sa heograpiya sa bansa. Ang mga proseso ng eleksiyon ay nagpapakita ng heograpikong pagkakaiba-iba, hinahamon ang mga opisyal sa mga eleksiyon at mga botante.

“Ang HAVA ay puwede at dapat ipatupad at ipatutupad sa California bilang patuloy na hakbang para maging mas pantay ang proseso ng paghalal, mas madaling magamit, at mas ligtas para masabi ng bawat karapat-dapat na mamamayan na 'Mahalaga ang Aking Boto' at alam na totoo ito.”

– Sekretaryo ng Estado ng California Kevin Shelley

MGA SISTEMA NG PAGBOTO

Pagdating ng ika-24 ng Disyembre, 2002, may 19 na kompanya na ang 23 sistema ng pagboto ay sertipikado para gamitin sa California. Sa mga ito ay kabilang ang tatlong basikong kategorya ng mga sistema: Optical Scan, DRE/Touchscreen, at Punch Card. Ang isang county ay malayang gumamit ng anumang sertipikadong sistema, humahantong sa malawakang pagkakaiba-iba sa mga county at maging sa loob ng mga county, na madalas na gumagamit ng isang sistema sa mga lugar na botohan at at ibang sistema sa pagbilang ng mga balota ng nagpapadala lamang. Ang maraming sistema ay ginagawang kumplikado ang pagsasanay ng mga manggagawa sa botohan, ginagawa ang pagtuturo sa mga botante at tagapagbalita na mahirap at madalas na nalilito ang mga botanteng lumipat ng county.

MAAGANG PAGBOTO

Ang mga taga-California ay maaaring magsimulang bumoto sa pamamagitan ng koreo o nang personal sa iba-ibang opisina sa eleksiyon 29 araw bago ang eleksiyon. Itong maagang pagboto ay nagbabawas ng takdang panahon ng paghahanda ng mga opisyal sa mga eleksiyon, may tuwirang epekto sa istrategiya sa kampanya at lumilikha ng mga karagdagang mapipili sa mga botante ukol sa panahon ng kanilang pagboto.

MGA PARTIDONG PAMPULITIKA

Sa kasalukuyan, ang California ay may pitong partidong pampulitika na kuwalipikadong lumahok sa mga primaryang eleksiyon. Ang nakasarang primarya ng California ay nangangahulugan na ang mga balota para sa isang partido ay dapat ihanda sa mga primaryang eleksiyon para sa mga botanteng nagparehistro sa bawat partido. Ang mga botanteng tumangging sumapi sa isang partidong pampulitika ay makakapiling bumoto sa mga primaryang eleksiyon sa mga panukalang-batas lamang at sa mga di-partidistang kandidato, o humiling ng isang balota para lumahok sa proseso ng nominasyon para sa partikular na partidong pampulitika.

MGA PANSAMANTALANG BALOTA

Mula noong mga taon ng 1980, ang batas ng California ay nagpapahintulot sa isang botante na ang karapatang bumoto ay hindi kaagad matiyak sa isang lugar na botohan na bumoto ng isang pansamantalang balota. Sa Pangkalahatang Eleksiyon ng 2002, may 200,000 pansamantalang balota na ibinoto. Tinantantiya na 60

porsiyento lamang ng mga pansamantalang balota ang naibilang. Ang pansamantalang pagboto ay nagpapahintulot sa pagharap sa mga pagtatalo pagkatapos ng Araw ng Eleksiyon pero ito ay nagtataas din ng pangangailangan ng karagdagang pagsasanay ng mga manggagawa sa botohan, mas higit na edukasyon sa mga botante ukol sa proseso ng pansamantalang pagboto, at maaaring umantala sa pag-uulat ng resulta ng mga eleksiyon.

PAGBOTO-SA-KOREO

Dumarami ang mga bumoboto sa pamamagitan ng koreo sa halip na personal na bumoto. Sa Pangkalahatang Eleksiyon ng Nobyembre 2002, higit sa 27 porsiyento ng mga botante ang bumoto sa pamamagitan ng koreo, kumpara sa kulang sa tatlong porsiyento ng mga botante noong 1962. Ang isang bagong batas⁵ na nagpapahintulot sa mga botante na maging "permanenteng botanteng nagpapadala lamang" ay nangangahulugan na dumarami ang mga botante na permanenteng bumoboto mula sa bahay. Ang pagboto sa pamamagitan ng koreo ay nagsusulong ng takdang panahon para sa mga opisyal sa mga eleksiyon upang maghanda para sa isang eleksiyon, madalas na nangangailangan ng sistema ng pagbilang ng boto na iba sa ginagamit sa mga personal na pagboto, at kung minsan ay nag-aantala sa pagpapahayag ng resulta ng mga eleksiyon dahil maraming balota na ibinoto sa pamamagitan ng koreo ay binibilang pagkaraan ng araw ng eleksiyon. Ang mga isyung ito ay nakakaapekto sa mga botante sa ibang bansa at militar na, sa ilalim ng batas ng California, ay karapat-dapat sa espesyal na katayuan ng nagpapadala lamang at puwedeng humiling ng balota 60 araw bago ang eleksiyon.

PAGKAKAIBA-IBA NG WIKA

Upang matiyak na ang lahat ng mamamayan ay makakalahok sa proseso ng eleksiyon at alinsunod sa Pederal na batas, ang mga materyal sa eleksiyon ay ginagawa at ang binibigkas na tulong ay ipinagkakaloob sa iba-ibang wika. Halimbawa, ang County ng Los Angeles ay nagkakaloob ng mga balota, halimbawang balota, at ibang mga materyal, gayon din ng binibigkas na tulong sa pitong wika: Ingles, Intsik, Hapon, Koreano, Espanyol, Tagalog at Biyetnames. May mga hurisdiksiyon, bilang tugon sa lokal na pangangailangan, na nagkakaloob ng nakasulat at binibigkas na tulong sa ibang mga wika. Ito ay nagdaragdag sa mga hamon ng pagsasagawa ng walang-maling eleksiyon.

Kasama ng mga hamon, gayunman, ang mga pagkakataon. Ang California ay nangunguna sa pagreperma sa sistema ng paghalal. Ang totoo, marami sa mga probisyon sa pederal na Batas ng 2002 Para Tulungan ang Amerika na Bumoto - HAVA⁶ -ay batas na, regulasyon o pamamaraan sa California. Halimbawa:

- ♦ Ang California ay nagtadhana ng pagpaparehistro sa pamamagitan ng koreo noong 1975 at pagboto sa koreo kung hihilingin noong 1978;
- ♦ Ang California ay nagtadhana ng permanenteng pagboto ng nagpapadala lamang noong 2000;
- ♦ Ang mga taga-California ay nagpatibay ng Panukala 41 noong Primaryang Eleksiyon ng 2002, idinisenyo upang bahaging pondohan ang pagpapalit ng tinustusan nang punch card na mga makina sa pagboto sa California;
- ♦ Ang California ay may pambuong-estadong tipunan ng impormasyon ng pagpaparehistro ng botante, tinatawag na Calvoter;
- ♦ Ang California ay nagpapahintulot na itama o palitan ang mga balota bago iboto;
- ♦ Ang mga pansamantalang balota ay ginagamit sa California mula pa noong mga taong 1980;
- ♦ Ang pambuong-estadong pamamaraan sa reklamo sa paggawa ng mga paratang tungkol sa mga paglabag sa mga batas sa eleksiyon ay naitag na, kabilang ang walang-bayad na numero ng telepono, 1-800-345-VOTE, para sa pagreklamo;
- ♦ Ang malawakang pagsisikap ay ginagawa upang bigyang-daan ang mga mamamayan mula sa mga komunidad na may kapansanan at minorityang wika.

Gayunman, marami pang dapat gawin, gaya ng inihantad ng bilang ng mga bumotong taong nasa edad ng pagboto na kulang sa 37 porsiyento sa pinakahuling eleksiyon sa buong estado noong Nobyembre 2002. Ang pagpapabalik ng tiwala sa integridad ng sistema ng paghalal ay mahalaga para ibalik natin ang mga botante sa mga botohan. Kung wastong maipatutupad, ang HAVA ay puwedeng maging batong panulok ng mga pagsisikap ng California upang muling iugnay ang mga mamamayan sa proseso ng paghalal. Sa kabilang banda, gaya ng sinabi ng isang prominenteng komentaryista sa isang pampublikong pagdinig kamakailan tungkol sa reporma sa eleksiyon, hindi natin dapat hayaan ang HAVA na maging Batas Para *Saktan* ang Pagboto ng Amerika.

Tunay, ang HAVA ay puwede at dapat ipatupad at ipatutupad sa California bilang patuloy na hakbang upang gawing mas pantay ang proseso ng paghalal, mas madaling magamit, at mas ligtas para masabi ng bawat karapat-dapat na mamamayan na "Mahalaga ang Aking Boto" at alam na ito ay totoo.

Kung wastong ipatutupad, ang HAVA ay puwedeng magsulong ng mga pagsisikap na repormahin ang paraan ng mga eleksiyong ginagawa sa California at dalhin tayo na isang hakbang na mas malapit sa araw na:

- ♦ Bawat karapat-dapat na mamamayan, kabilang ang may kapansanang pisikal at limitado ang kasanayan o hindi komportable sa wikang Ingles, ay makakaboto nang pribado, ligtas at independiyente sa mga botohan, sa bahay, sa mga bilihan at ibang mga pampublikong lugar sa o bago ang Araw ng Eleksiyon;
- ♦ Bawat opisyal sa eleksiyon at manggagawa sa botohan ay lubos na sinanay at dedikado sa pagtiyak na ang bawat karapat-dapat na mamamayan ay tinatrato nang may paggalang, at makakaboto nang madali at ligtas;
- ♦ Bawat karapat-dapat na botante ay tumatanggap ng nakasulat at binibigkas na impormasyon tungkol sa mga kandidato, panukalang-batas at ang proseso ng pagboto ay nasa payak, tumpak na katawagan at sa mga wikang maiintindihan nila;
- ♦ Ang mga botante ay sinasabihan ng kanilang mga karapatan bago ang pagboto, kapag bumoboto sila at pagkatapos nilang bumoto;
- ♦ Ang pagpaparehistro ng botante ay magagawa on-line;
- ♦ Ang mga makina ng pagboto ay madaling gamitin at walang-maling nakukuha at naiuulat ang layunin ng botante;
- ♦ Ang mga batang botante ay kalahok sa proseso ng paghalal bilang mga botante, manggagawa sa botohan, at interesadong mamamayan, na may edukasyon tungkol sa proseso ng pagboto mula sa murang edad;
- ♦ Sinumang karapat-dapat na botante ay puwedeng bumoto ng isang angkop na inayos na balota sa alinmang presinto saanman sa estado o ibang angkop na hurisdiksiyon sa Araw ng Eleksiyon;
- ♦ Ang mga botante nasa ibang bansa at militar ay puwedeng bumoto nang maginhawa at ligtas saanman sila naroroon;
- ♦ Walang karapat-dapat na mamamayan na itataboy mula sa lugar na botohan sa Araw ng Eleksiyon nang hindi nakaboto sa aktuwal o pansamantalang balota;
- ♦ Ang pagpaparehistro sa Araw ng Eleksiyon ay magagawa ng mga hindi nakapagparehistro bago ang eleksiyon;
- ♦ Ang pagboto sa Internet at/o telepono ay magiging ligtas at pangkaraniwan.

Ang HAVA, kapag angkop na ipinatupad, ay isang pagkakataon para sa pagtatag ng higit na reporma sa California. Panahon na upang samantalahin ang pagkakataon - at ang California, ay ginagamit ang HAVA hindi lamang upang ibalik ang tiwala sa integridad ng proseso ng pagboto, kundi upang itaas ang paglahok ng botante. Ang "Mahalaga ang Aking Boto" ay dapat na maging higit sa isang islogan. Ito ay dapat na isang praseng naglalarawan sa pinakabuod ng pagboto sa California.

PANGKALAHATANG-TANAW

Ang Plano ng Estado ng California ay binuo ng Komite sa Pagpapayo sa Plano ng Estado ng California ("Komite"), isang magkakaiba, dalawampu't-apat na miyembrong lupon na hinirang ni Sekretaryo ng Estado Kevin Shelley, alinsunod sa Seksiyon 255(a) ng HAVA. Ang maikling talambuhay ng mga miyembro ng Komite sa Pagpapayo sa Plano ng Estado ng California ay nagsisimula sa pahina 37.

Ang Komite ay nagsagawa ng mga pampublikong pagdinig sa Monterey Park (County ng Los Angeles), San Diego, San Francisco, Fresno at Sacramento. Ang mga pagdinig ay inilathala nang maaga sa pamamagitan ng pagpapakoreo ng mga paunawa sa halos 4,000 na interesadong tao at organisasyon, sa pamamagitan ng paglalathala ng paunawa sa *Los Angeles Times*, *San Diego Union-Tribune*, *San Francisco Chronicle*, *Sacramento Bee*, *Fresno Bee*, at *La Opinion* – sa Espanyol, sa pamamagitan ng paglalagay sa pitong magkakaibang wika sa website ng Sekretaryo ng Estado, at sa pamamagitan ng pagtelepono at pagpapadala sa e-mail sa mga interesadong tao.

Ang mga pagdinig ay sinipi, inilagay sa video, inirekord sa audio, at idinokumento sa mga detalye at kabuuran. Sa isa o higit na pagdinig ang mga tagasalin ng wika ay nakahandang tumulong sa Intsik (Mandarin at Kantones), Hapon, Koreano, Tagalog, Espanyol at Biyetnames. Sa isa o higit na pagdinig, ang mga headset sa audio ay magagamit ng may kapansanan sa pandinig at/o paningin. Lahat ng pamamaraan ay isinenyas sa Wikang Senyas ng Amerika. Lahat ng pagdinig ay ginanap sa mga pasilidad na sumusunod sa Batas sa mga Amerikanong May Kapansanan.

Higit sa 250 binibigkas o nakasulat na komentaryo ang natanggap ng mga Miyembro ng Komite tungkol sa reporma sa eleksiyon at pagpapatupad ng HAVA sa mga pampublikong pagdinig o sa pamamagitan ng koreo, fax, e-mail o personal na paghahatid. (Ang mga miyembro ng publiko ay nagawang magbigay ng kontribusyon sa pamamagitan ng pagpapadala ng e-mail sa hava@ss.ca.gov.) Ang mga komentaryong natanggap ay isinasaalang-alang ng mga Miyembro ng Komite.⁷ Ang mga miyembro, pagkaraan, ay nagpulong sa Sacramento noong ika-27 ng Mayo, 2003, at tinalakay ang pagpapatupad ng HAVA sa California. Sa pulong na iyon, at kasunod ng pulong na iyon, ang mga Miyembro ng Komite ay gumawa ng mga rekomendasyon sa Sekretaryo ng Estado tungkol sa nilalaman ng Plano ng Estado. Ang mga rekomendasyong ito ay isinaalang-alang sa paggawa ng Preliminaryong Plano ng Estado ng California.

Noong ika-17 ng Hunyo, 2003, ang Preliminaryong Plano ng Estado ay inihanda sa pagsisiyat ng publiko sa opisina ng Sekretaryo ng Estado sa Sacramento at isang paunawa ang inilathala tungkol dito. Pagkaraan, ito ay inihanda sa pagsisiyasat ng publiko sa mga Panrehiyong Opisina ng Sekretaryo ng Estado na matatagpuan sa Fresno, Los Angeles, San Diego at San Francisco. Ang isang pabalita ang inisyu na nagbibigay-alam na ang Preliminaryong Plano ay nakahanda na sa pagsisiyasat at komentaryo ng publiko hanggang ika-17 ng Hulyo, 2003. Ang mga kopya ay inilagay sa Ingles at Espanyol sa opisyal na website ng Sekretaryo ng Estado (www.ss.ca.gov). Ang mga kopya ng Preliminaryong Plano ng Estado ay ipinadala sa mga interesadong tao at organisasyon. Ang mga komentaryo tungkol sa Preliminaryong Plano ng Estado ay natanggap sa koreo, personal na dinala, ipinadala sa fax, at e-mail.⁸ Lahat ng komentaryo ay isinaalang-alang. Ang mga pagbabago sa Preliminaryong Plano ay ginawa bilang tugon sa mga komentaryo. Isinumite ng Sekretaryo ng Estado ang Plano ng Estado ng California para 45 araw na ilathala sa *Federal Register*.

ANG SEKSIYON 254(a) AY NAG-AATAS NA ISAMA SA PLANO NG ESTADO ANG ISANG PAGLALARAWAN NG BAWAT ISA SA LABINTATLONG ELEMENTO. ANG BAWAT ISA SA LABINTATLONG ELEMENTO AY ITINUTURING NA ISANG "SEKSIYON" NG PLANO NG ESTADO NG CALIFORNIA, GAYA NG NAKALAGAY SA MGA SUMUSUNOD NA PAHINA.

UNANG SEKSIYON: PAGSUNOD SA MGA INIAATAS NG TITULO III

SEKSIYON 254(a)(1), PAHINA 72⁹

PAANO GAGAMITIN NG ESTADO ANG KABAYARAN SA MGA INIAATAS UPANG MATUGUNAN ANG MGA INIAATAS NG TITULO III¹⁰, AT, KUNG ANGKOP SA ILALIM NG SEKSIYON 251(a)(2), UPANG ISAKATUPARAN ANG IBANG MGA AKTIBIDAD PARA PABUTIHIN ANG PANGANGASIWA NG MGA ELEKSIYON.

Titulo III, nagsisimula sa Seksiyon 301 (pahina 96), ay nagsasaad ng "Magkakatulad at Di-Nagdidiskriminang Teknolohiya at Pangangasiwa ng mga Iniaatas."

Sa ibaba ay isang kabuuran ng mga iniaatas ng Titulo III ng HAVA at kung gagamitin ng California ang mga kabayaran sa mga iniaatas upang sumunod sa pederal na batas. Dapat tandaan na, alinsunod sa Seksiyon 305 (pahina 124), ang mga ispesipikong mapipili sa mga paraan ng pagsunod sa mga iniaatas ng Titulo III ay ipinaubaya sa pagpapasiya ng Estado.

A. MGA PAMANTAYAN SA MGA SISTEMA NG PAGBOTO

SEKSIYON 301(a), PAHINA 96-102

Pederal na Batas

Ang HAVA ay nag-aatas na ang bawat sistema ng pagboto na ginagamit sa isang pederal na eleksiyon sa o pagkaraan ng ika-1 ng Enero, 2006, ay makatugon sa bawat isa sa mga sumusunod na iniaatas.

Mga pagkakamali sa pagboto

Ang sistema ng pagboto ay dapat magpahintulot sa botante na pribado at independiyenteng beripikahin ang mga botong pinili bago iboto ang balota at dapat magpahintulot sa botante na pribado at independiyenteng baguhin o itama ang isang balota bago iboto, kabilang ang pagtanggap ng isang pamalit na balota.

Tandaan na iniaatas na ang sistema ng pagboto ay dapat magpahintulot sa botante na beripikahin ang mga botong pinili bago iboto ang isang balota at hindi maaaring bigyang-kahulugan sa isang paraan na ginagawang imposible para sa isang papel na balota na sistema ng pagboto na makatugon sa mga bagong iniaatas ng HAVA.

Paunawa sa botante sa sobrang pagboto at pagtatama

Ang sistema ng pagboto ay dapat na:

- ◆ pasabihan ang botante ng sobrang pagboto (pagboto ng higit sa dami ng kandidatong ipinahihintulot na iboto);
- ◆ pasabihan ang botante ng epekto ng sobrang pagboto (ang boto para sa katungkulang iyon ay hindi maibibilang);
- ◆ magkaloob sa botante ng pagkakataong itama ang balota, kung sobra ang ginawa niyang pagboto.

Pagsunod sa mga sistema ng pagboto na batay sa papel

Ang mga sistema ng pagboto na batay sa papel, kabilang ang mga sistema ng pagboto ng nagpapadala lamang, ay maaaring makatugon sa mga iniaatas sa itaas sa pamamagitan ng:

- ◆ mga programang pagtuturo para sa sistema ng pagboto na nagpapasabi sa botante ng epekto ng sobrang pagboto;
- ◆ mga tagubilin kung paano itatama ang isang balota bago ito iboto, kabilang ang mga tagubilin sa pagkuha ng isang pamalit na balota; at
- ◆ mga disenyo ng sistema na nangangalaga ng pagiging kompidensiyal ng botante.

Mga iniaatas sa pagsusuri ng sistema ng pagboto (PAHINA 98-99)

Ang sistema ng pagboto ay dapat na:

- ◆ lumikha ng isang rekord ng kapasidad sa pagsusuri. Ang papel na rekord na nilikha ay dapat ihanda bilang opisyal na rekord para sa muling pagbilang;
- ◆ lumikha ng isang permanenteng papel na rekord na may manwal na kapasidad sa pagsusuri;
- ◆ pahintulutan ang botante na itama ang anumang pagkakamali bago likhain ang permanenteng papel na rekord.

Kakayahang magamit ng mga indibidwal na may mga kapansanan (PAHINA 99)

Ang sistema ng pagboto ay dapat na madaling magamit ng mga botanteng may mga kapansanan, kabilang ang mga botante na may kapansanan sa paningin, sa isang paraan na nagkakaloob ng pagkakataong katulad ng paggamit at paglahok, kabilang ang pagkapribado at kalayaan, tulad ng sa ibang mga botante.

Ang iniaatas sa itaas ay natutugunan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng hindi kukulangin sa isang yunit ng pagboto na DRE, o ibang sistema ng pagboto na inihanda para sa mga indibidwal na may mga kapansanan sa bawat lugar na botohan.

Lahat ng sistema sa pagboto na binili sa pamamagitan ng pondo ng Titulo II pagkaraan ng ika-1 ng Enero, 2007, ay dapat sumunod sa mga iniaatas na ito.

Kakayahang magamit ang panghaliling wika (PAHINA 99)

Ang sistema ng pagboto ay dapat makatugon sa lahat ng iniaatas na paggamit ng panghaliling wika ng Seksiyon 203 ng Batas ng 1965 sa mga Karapatan sa Pagboto (42 U.S.C. § 1973aa-1a).

Pagkakataong magkamali (PAHINA 100)

Ang sistema ng pagboto ay dapat makatugon sa mga patnubay ng FEC (Seksiyon 3.2.1) para sa pagkakataong magkamali ng sistema ng pagboto - mga pagkakamali dahil lamang sa mga pagkakamali ng sistema, at hindi dahil sa ginawa ng botante - na may-bisa sa araw ng pagpapatibay ng HAVA (ika-29 ng Oktubre, 2002).

Kahulugan ng boto (PAHINA 100)

Ang bawat estado ay dapat magpatibay ng magkakatulad at dinagdidiskriminang mga pamantayan na naglilinaw kung ano ang bumubuo ng isang boto at ano ang ibibilang sa bawat kategorya ng sistema ng pagboto na ginagamit sa Estado.

PAGSUNOD SA HAVA NG MGA PAMANTAYAN SA SISTEMA NG PAGBOTO

Sa pagsangguni sa mga lokal na opisyal sa mga eleksiyon at ibang interesadong partido, kabilang ang komite sa pagpapayo na binuo ng Sekretaryo ng Estado para sa mga layuning ito, at pagkatapos isaalang-alang ang anumang mga boluntaryong patnubay na pinagtibay ng Komisyon alinsunod sa Subtitulo B ng Titulo III, ang California, sa pamamagitan ng mga prosesongpanregulasyon, pambatas, sertipikasyon ng sistema ng eleksiyon at desertipikasyon, o ibang paraan, ay sumusunod sa HAVA, kabilang ang pagpapalit ng mga sistema ng pagboto na hindi sumusunod. Upang makatulong na maibalik ang integridad ng proseso ng pagboto, itaas ang pagkakataon para sa lahat ng karapat-dapat na mamamayan na lumahok sa prosesong iyon, at upang sumunod sa HAVA, ang Estado, sa ilalim ng pangangasiwa ng Sekretaryo ng Estado, bilang Punong Opisyal sa mga Eleksiyon,¹¹ at kaugnay ng pagsangguning tinukoy sa itaas, sa bahagi ay:

- ♦ susuporta, magtataguyod, hihimok sa paggamit ng direct recording electronic (DRE/touchscreen) na mga sistema ng pagboto, sa mga lugar na botohan sa California, at mga sistemang optical scan na ginagamit sa pagbilang ng mga balota sa pagboto sa koreo, na katugma ng mga panghaliling paraan ng pagboto tulad ng nakaranggong balota at kumulatibong pagboto;
- ♦ mabilis na sesertipikahan ang mga bagong sistema ng pagboto na DRE na sumusunod sa mga batas ng estado at pederal na batas;
- ♦ sa pamamagitan ng mga kasalukuyang Lupon sa mga Sistema ng Pagboto, na gumagawa ng mga rekomendasyon sa Sekretaryo tungkol sa sertipikasyon at desertipikasyon ng mga sistema ng pagboto, bumuo ng mga pamantayan sa sistema ng pagboto at mga iniaatas sa sistema ng pagsusuri gaya ng iniaatas sa HAVA at bumuo ng patuloy na proseso upang pamahalaan ang mga pagbabago sa mga pamantayang ito at tiyak ang magkakatulad na paggamit ng mga pamantayan para sa bawat sistema ng pagboto;
- ♦ bumuo at mamahagi ng mga materyal na pagtuturo sa botante gaya ng angkop upang matugunan ang mga iniaatas ng Seksiyon 301(a)(1)(B) ng HAVA;

- ♦ sa tulong ng komite sa pagpapayo na binuo para sa mga nasabing layuning ng Sekretaryo ng Estado, tiyak ang pagsunod sa mga iniaatas sa kakayahang magamit at pagkapribado para sa mga indibidwal na may mga kapansanan, kabilang ang pagtiyak na kahit isang sistema ng pagboto na DRE/touchscreen ay ginagamit sa bawat lugar na botohan sa California alinsunod sa Seksiyon 301(a)(3)(B) at, tungkol sa personal na pagboto, na ang sistema ng pagboto ay nasa lugar ng botohan na madaling puntahan ng mga botanteng may mga kapansanan. Ang mga pagsisikap ukol sa pagsunod ay dapat kabilang ang pagsubaybay sa mga lugar na botohan upang matiyak ang kakayahang magamit at edukasyon ng mga opisyal sa mga eleksiyon, mga manggagawa sa botohan, at mga botante tungkol sa mga karapatan ng mga botante, kabilang ang mga botanteng may mga kapansanan. Dapat isaalang-alang ng Sekretaryo ng Estado, sa pamamagitan ng mga nakatatag na proseso, ang pagdesertipika sa mga sistemang batay sa papel, tungkol sa personal na pagboto, na mahirap na patakbuhin, na malamang magbunga ng pagkakamali para sa mga botanteng may mga kapansanan, o hindi nagkakaloob ng pantay na paggamit ng balota. Dapat isaalang-alang ng Sekretaryo ng Estado, sa pagsangguni sa mga lokal na opisyal sa mga eleksiyon at ibang mga interesadong partido, kabilang ang komite sa pagpapayo ng binuo ng Sekretaryo ng Estado para sa layuning ito, na magtatag ng huling-araw para sa pag-aatas na ang lahat ng sistema ng personal na pagboto ay may kakayahang magamit sa kabila ng Seksiyon 301(a)(3)(B) (nagpapahintulot sa pagsunod sa mga iniaatas sa kakayahang magamit sa isa lamang sistema ng pagboto na DRE sa bawat lugar na botohan);
- ♦ patuloy na tiyak na lahat ng sistema ng pagboto ay nagkakaloob ng kakayahang magamit sa panghaliling wika alinsunod sa mga iniaatas ng Batas ng 1965 sa mga Karapatan sa Pagboto Dapat isaalang-alang ng Sekretaryo ng Estado, sa pamamagitan ng mga estabilisadong proseso, na desertipikahan ang mga sistemang batay sa papel, tungkol sa personal na pagboto, na mahirap patakbuhin, na malamang magbunga ng pagkakamali para sa mga nangangailangan ng tulong sa wika, o hindi nagkakaloob ng pantay sa paggamit ng balota;
- ♦ isaalang-alalang sa pamamagitan ng mga estabilisadong proseso, na desertipikahan ang mga sistema at tumanggap sertipikahan ang mga sistema na hindi nagbibigay-daan sa mga panghaliling sistema ng pagboto, tulad ng mga nakaranggong balota at kumulatibong sistema ng pagboto, sa isang paraang madaling maintindihan ng mga botante;

- ◆ palagiang timbangin ang mga sistema ng pagboto upang matasa ang pagkakataong magkamali, pagkamaasahan at katumpakan, kakayahang magamit ng mga botanteng may mga kapansanan, nangangailangan ng tulong sa wika at tulong sa pagbabasa at pagsusulat, at kakayahang magbigay-daan sa mga lokal na opisyal sa mga eleksiyon upang ibahagi ang impormasyon at gumawa ng mga pagpapabuti;
- ◆ bumuo, sa pamamagitan ng regulasyon at/o ng batas, ng isang magkakatulad at di-nagdidiskriminang kahulugan ng kung ano ang bumubuo sa isang boto at kung ano ang bibilangin para sa isang sistema ng pagboto.

B. PANSAMANTALANG PAGBOTO

SEKSIYON 302, PAHINA 102-104

Pederal na Batas

Ang Seksiyon 302(a) (pahina 102) ay nag-aatas na ang "pansamantalang pagboto" ay ipahintulot sa mga pederal na eleksiyon sa o pagkaraan ng ika-1 ng Enero, 2004. Sa ilalim ng HAVA, kung ang pangalan ng isang botante ay hindi lumitaw sa opisyal na listahan, o iginiiit ng opisyal sa mga eleksiyon na ang botante ay hindi karapat-dapat, ang botante ay karapat-dapat bumoto ng pansamantalang balota gaya ng mga sumusunod:

- ◆ Ang mga opisyal sa mga eleksiyon sa lugar na botohan ay magsasabi sa mga botante ng mapipiling pansamantalang pagboto;
- ◆ Ang botante ay gumawa ng nakasulat na apirmasyon na nagsasaad na siya ay nakarehistrong botante sa hurisdiksiyon at siya ay karapat-dapat bumoto;
- ◆ Ang ibinotong balota o impormasyon sa nakasulat na apirmasyon ay kaagad na inihatid sa angkop na pang-estado o lokal na opisyal sa mga eleksiyon para sa beripikasyon;
- ◆ Kung ang impormasyon ay naberipika, ang balota ay dapat ibilang;
- ◆ Sa oras na iboto ang balota, ang botante ay dapat pagkalooban ng impormasyon tungkol sa sistema ng malayang paggamit (halimbawa, ligtas, kompidensiyal na sistemang telepono o base sa Internet) na nagtatakda sa daan sa impormasyon tungkol sa mga indibidwal na balota, upang ang botante lamang na bumoto ang maaaring magpasiya ng katayuan ng kanyang indibidwal na balota;
- ◆ Ang mga pang-estado at lokal na opisyal ay dapat magtatag ng sistema ng malayang paggamit.

Ang HAVA ay nag-aatas din (Seksiyon 302)(c), pahina 106) na ang mga botanteng bumoto pagkaraan ng pangkaraniwang pagsasara ng botohan bilang resulta ng isang Pederal o pang-estadong kautusan, bumoto ng pansamantalang balota na nakahiwalay sa mga regular na pansamantalang balota.

PAGSUNOD SA HAVA NG MGA INIAATAS SA PANSAMANTALANG BALOTA

Sa pagsangguni sa mga lokal na opisyal sa mga eleksiyon at ibang interesadong partido, kabilang ang komite sa pagpapayo na binuo ng Sekretaryo ng Estado para sa mga layuning ito, at pagkaraan ng isaalang-alang ang anumang boluntaryong patnubay na pinagtibay ng Komisyon alinsunod sa Subtitulo B ng Titulo III, ang California, sa pamamagitan ng mga prosesong panregulasyon o, pambatas, o ibang paraan, sumunod sa HAVA, kabilang ang mga iniaatas sa pansamantalang balota. Upang makatulong na ibalik ang integridad ng proseso ng pagboto, itaas ang pagkakataon para sa lahat ng karapat-dapat na botante na lumahok sa prosesong iyon, ang upang sumunod sa HAVA, ang Estado, sa ilalim ng direksiyon ng Sekretaryo ng Estado, bilang Punong Opisyal sa mga Eleksion,¹² kaugnay ng pagsangguning tinukoy sa itaas, sa bahagi ay:

- ◆ bubuo ng magkakakatulad ng impormasyon at mga pamamaraan tungkol sa pansamantalang pagboto, at pagboto sa pangkalahatan, gaya ng iniaataas ng HAVA at gumawa ng mga hakbang upang matiyak na ang mga opisyal sa mga eleksiyon, mga manggagawa sa botohan at mga botante ay lubos na naiintindihan ang mga karapatan at pamamaraan sa pansamantalang balota;
- ◆ tiyakin na ang sistema ng pansamantalang pagboto ay idinisenyo upang ang mga indibidwal na may mga kapansanan ay makalahok sa proseso nang independiyente hangga't magagawa;
- ◆ kung ipinahihintulot ng batas, bumuo ng mga pamamaraan na nagpapahintulot sa mga botante upang bumoto ng pansamantalang balota sa lugar ng botohan pagkapirma sa isang pahayag na nag-aapirma ng kinakailangang impormasyon, nang hindi nagkaloob ng mga karagdagang dokumento ng pagkilala;
- ◆ kung ipinahihintulot ng batas, bumuo ng mga pamamaraan kung saan ang impormasyon upang makakuha ng pansamantalang balota ay sapat upang irehistro ang aplikante para bumoto, kung karapat-dapat, sa mga susunod na eleksiyon kung napag-alamang ang tao ay hindi karapat-dapat bumoto sa presinto kung saan ang pansamantalang balota ay hiningi o ibinoto;
- ◆ bumuo ng mga pamamaraan kung ang pansamantalang balota ay ipinagkakaloob na sumunod sa mga pamamaraan sa beripikasyon na nakalagay sa Kodigo sa mga Eleksiyon ng California, seksiyon 14310, o ibang angkop na seksiyon o mga seksiyon ng batas ng Estado;
- ◆ subukin ang mga panghaliling paraan ng paghahambing ng pirma para itatag ang identipikasyon ng botante kung may pagbabago sa pirma, kapansanan ng katawan o ibang mga pangyayari na pumipigil sa pirma na angkop na gamitin para sa beripikasyon;

- ◆ isaalang-alang ang pag-isponsor ng batas na nagsusug sa Kodigo sa mga Eleksiyon ng California, seksiyon 14310, o ibang angkop na seksiyon o mga seksiyon, upang sumunod sa nakasulat na mga pamamaraan sa apirmasyon na nakalagay sa seksiyon 302(a) ng HAVA;
- ◆ isaalang-alang ang pag-isponsor ng batas na nagsusug sa Kodigo sa mga Eleksiyon ng California, seksiyon 14310(c)(4), o ibang mga angkop na seksiyon, kung saan ang pansamantalang balota ng tao ay ibinibilang ukol sa mga kandidato at panukalang-batas na karapat-dapat ang taong bumoto kahit na ang pansamantalang balotang ibinoto ay sa maling presinto o gumamit ng maling uri ng balota para sa taong iyon;
- ◆ isaalang-alang ang pag-isponsor ng batas na nagbabago sa pangalan ng "pansamantalang balota" upang maging digaanong nakasisirang katawagan;
- ◆ lumikha, o mangasiwa ng paglikha ng, kaugnay ng mga lokal na opisyal sa mga eleksiyon, ng isang ligtas at kompidensiyal na sistema ng malayang paggamit para sa pansamantalang botante upang alamin kung ang kanyang boto ay ibinilang, at, kung ito ay hindi ibinilang, ang dahilan kung bakit ito ay hindi ibinilang o bumoto ng mga pamamaraan kung saan ang bawat taong bumoto ng pansamantalang balota ay pinasasabihan sa katayuan ng balota kung ito ay ibinilang o hindi, kung hindi ibinilang, bakit hindi ito ibinilang;
- ◆ bumuo ng mga pamamaraan sa pagsunod sa mga iniaatas na ang mga balotang ibinoto pagkaraang sarhan ang mga botohan alinsunod sa isang utos ng hukuman ay maging pansamantala at ihwalay;
- ◆ tiyakin ang pagsunod sa Seksiyon 203 ng Batas sa mga Karapatan sa Pagboto (42 U.S.C. § 1973aa-1a).

C. MGA INIAATAS SA IMPORMASYON TUNGKOL SA BOTANTE

SEKSIYON 302 (b), PAHINA 104-106

Pederal na Batas

Ang Seksiyon 302(b) (pahina 104-105) ay nag-aatas na, tungkol sa mga pederal na eleksiyon na isinasagawa sa o pagkaraan ng ika-1 ng Enero, 2004, ang mga opisyal sa mga eleksiyon ay maglagay ng tinukoy na impormasyon sa pagboto sa bawat lugar na botohan sa Araw ng Eleksiyon, kabilang ang:

- ◆ isang halimbawang balota para sa eleksiyong iyon;
- ◆ ang petsa ng eleksiyon at mga oras ng lugar na botohan;
- ◆ mga tagubilin sa pagboto, kabilang ang mga tagubilin sa pansamantalang pagboto;
- ◆ mga tagubilin sa nagparehistro sa koreo at unang-pagkakataong botante;
- ◆ pangkalahatang impormasyon tungkol sa mga karapatan sa pagboto, kabilang ang karapatang bumoto ng pansamantalang balota at mga tagubilin kung paano kokontakin ang mga angkop na opisyal tungkol sa mga paratang na paglabag;
- ◆ pangkalahatang impormasyon tungkol sa mga ipinagbabawal ng batas na pandaraya at maling pahayag o pagkataan.

PAGSUNOD SA HAVA NG MGA INIAATAS NA IMPORMASYON TUNGKOL SA PAGBOTO

Sa pagsangguni sa mga lokal na opisyal sa mga eleksiyon at ibang interesadong partido, kabilang ang komite sa pagpapayo na binuo ng Sekretaryo ng Estado para sa mga layuning ito, at pagkatapos isaalang ang mga boluntaryong patnubay na pinagtibay ng Komisyon alinsunod sa Subtitulo B ng Titulo III, ang California, sa pamamagitan ng mga prosesong panregulasyon o pambatas, o sa ibang paraan, sumunod sa HAVA. Upang makatulong na maibalik ang integridad ng proseso ng pagboto, itaas ang pagkakataon para sa lahat ng karapat-dapat na mamamayan upang lumahok sa prosesong ito, at upang sumunod sa HAVA, ang Estado, sa ilalim ng direksiyon ng Sekretaryo ng Estado, bilang Punong Opisyal sa mga Eleksiyon³³, kaugnay ng pagsangguning tinukoy sa itaas, sa bahagi, ay isaalang-alang ang pagbuo ng impormasyon sa pagboto sa mga angkop na wika para ilagay sa mga lugar na botohan at ibang mga angkop na lugar, at para sa pagpapalimbag sa mga angkop na publikasyong nakabase-sa-komunidad o iba pang publikasyon, kabilang ang ispesipikong impormasyon, tulad ng karapatang:

- ◆ palitan ang nasirang balota;
- ◆ huwag ipakita ang identipikasyon sa mga pagkakataong ang identipikasyon ay hindi iniaatas ng batas;
- ◆ tumanggap ng tulong mula sa ibang mga tao sa mga tinukoy na pagkakataon;
- ◆ magdala ng menor na anak sa kubol na botohan sa mga tinukoy na pagkakataon;
- ◆ magpasok ng balota ng nagpapadala lamang sa alinmang lugar na botohan sa county;
- ◆ hindi magtrabaho nang walang nawalang suweldo sa mga partikular na pagkakataon;
- ◆ bumoto ng isang pansamantalang balota sa mga partikular na pagkakataon, at alamin kung ang boto ay ibinilang, at kung hindi, bakit;
- ◆ pangalagaan ang sensitibong personal na impormasyon laban sa labag sa batas na paggamit.

Ang estado, sa bahagi, ay tiyakin din na ang impormasyong nakalagay sa mga lugar na botohan ng mga opisyal sa mga eleksiyon ay kabilang ang lahat ng impormasyong kinakailangang ilagay ng HAVA at tiyakin na ang lahat ng impormasyong ipinagkaloob sa mga lugar na botohan ay pinakamarami ang maaaring makakita, kabilang ang mga taong may mga kapansanan, nangangailangan ng tulong sa wika, at limitado ang kasanayang bumasa't sumulat.

D. MGA INIAATAS SA TIPUNAN NG IMPORMASYON NG PAGPAPAREHISTRO NG BOTANTE SA BUONG ESTADO

SEKSIYON 303, PAHINA 106-111

Pederal na Batas

Ang Seksiyon 303 (pahina 106) ay nag-aatas sa Sekretaryo ng Estado, bilang Punong Opisyal sa mga Eleksiyon, na ipatupad, sa isang magkakatulad at di-nagdidiskriminang paraan, pagdating ng ika-1 ng Enero, 2004,¹⁴ ng nag-iisa, magkakatulad, opisyal, sentralisado, interaktibong kompyuterisadong pambuong-estadong listahan ng pagpaparehistro ng botante na nilinaw, pinamamalagi, at pinangangasiwaan sa antas ng Estado na naglalaman ng pangalan at pagpaparehistro ng bawat legal na nakarehistrong botante sa Estado at magtalaga ng natatanging tagapagpakilala sa bawat nasabing botante. Ang kompyuterisadong listahan ay dapat na:

- ♦ maging opisyal na listahan ng pagpaparehistro ng botante para sa mga pederal na eleksiyon;
- ♦ nagsisilbing nag-iisang sistema para sa pag-iingat at pamamahala ng opisyal na listahan;
- ♦ naglalaman ng pangalan at impormasyon sa pagpaparehistro ng bawat nakarehistrong botante;
- ♦ naglalaman ng walang-katulad na tagapagpakilala (numero ng DL, bahaging numero ng SS, o nakatalagang numero) para sa bawat botante;
- ♦ iniugnay sa ibang mga tipunan ng impormasyon ng estado (Pagwawasto, Serbisyong Pangkalusugan, DMV, ibang mga ahensiya ukol sa serbisyong panlipunan at Seguridad Sosyal);
- ♦ magkaloob ng kaagad, elektronikong daan sa sinumang opisyal sa mga eleksiyon sa estado;
- ♦ magpahintulot ng mabilis na pagpapasok ng data sa paraang elektroniko ng sinumang lokal na opisyal sa mga eleksiyon;
- ♦ sinusuportahan ng Estado.

Ang pagpapanatili ng opisyal na listahan ay dapat palagiang gawin gaya ng mga sumusunod:

- ♦ ang mga pangalan ng mga botante ay dapat tanggalin alinsunod sa NVRA (42 U.S.C. § 1973gg, Seksiyon 8, (a)(4), (c)(2), (d) at (e));
- ♦ ang pangalan ng mga hindi karapat-dapat na botante ay dapat tanggalin alinsunod sa NVRA para sa katayuang felony (42 U.S.C. § 1973gg, 6(a)(3)(B)); para sa kamatayan (6(a)(4)(A)); o alinsunod sa batas ng estado;
- ♦ ang pangalan ng bawat nakarehistrong botante ay dapat lumitaw sa listahan;
- ♦ ang mga hindi karapat-dapat na botante lamang o mga botanteng hindi nakarehistro ang dapat tanggalin sa listahan;
- ♦ ang mga duplikadong pangalan ay dapat tanggalin sa listahan;
- ♦ ang ibang mga makatwirang pagsisikap na tanggalin ang mga hindi karapat-dapat na botante, kaayon ng NVRA (42 U.S.C. § 1973gg, at ang kasunod) na tumitiyak na ang mga karapat-dapat na botante ay hindi matatanggal bunga ng kamalian, kabilang ang pagtanggal sa mga nagparehistro na hindi tumutugon sa isang paunawa at hindi bumoto sa dalawang magkasunod na pangkalahatang eleksiyon para sa pederal na katungkulan ay dapat tanggalin sa opisyal na listahan ng mga karapat-dapat na botante, maliban sa walang nakarehistro na dapat tanggalin dahil lamang sa hindi pagboto.

PAGSUNOD SA HAVA NG MGA INIAATAS SA TIPUNAN NG IMPORMASYON NA PAMBUONG ESTADO

Sa pagsangguni sa mga lokal na opisyal sa mga eleksiyon at ibang interesadong partido, kabilang ang komite sa pagpapayo na binuo ng Sekretaryo ng Estado para sa mga layuning ito, at pagkatapos isaalang-alang ang mga boluntaryong patnubay na pinagtibay ng Komisyon alinsunod sa Subtitulo B ng Titulo III, ang California, sa pamamagitan ng mga prosesong panregulasyon o pambatas, o sa ibang paraan, sumunod sa HAVA. Upang makatulong na maibalik ang integridad ng proseso ng pagboto, itaas ang pagkakataon para sa lahat ng karapat-dapat na mamamayan upang lumahok sa prosesong ito, at upang sumunod sa HAVA, ang Estado, sa ilalim ng direksiyon ng Sekretaryo ng Estado, bilang Punong Opisyal sa mga Eleksiyon,¹⁵ kaugnay ng pagsangguning tinukoy sa itaas, sa bahagi, sa lalong madaling panahon, ay gawan ng pagbabago ang kasalukuyang pambuong estadong tipunan ng impormasyon (Calvoter) upang sumunod ito sa HAVA, magtatag ng isang bagong pambuong-estadong tipunan ng impormasyon na sumusunod sa HAVA, pero sa alinmang kaso, ay dapat na:

- ♦ bumuo, magpatakbo, at magpatupad ng isang proseso upang patuloy na suportahan at pabutihin ang isang ligtas na pambuong-estadong tipunan ng impormasyon ng pagpaparehistro ng botante na nag-iisa, magkakatulad, sentralisado, interaktibong sistema na nilinaw, pinamamalagi, at pinangangasiwaan sa antas ng estado;
- ♦ bumuo ng sistema ng tipunan ng impormasyon na makikipag-ugnayan sa Kagawaran sa Pagwawasto ng California sa mga rekord tungkol sa katayuang felony ng mga botante; sa Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan ng Estado upang makikipag-ugnayan ukol sa mga rekord sa kamatayan ng mga botante; sa Kagawaran ng mga Sasakyang De-Motor ng Estado upang beripikahin ang lisensiya ng tsuper, kard ng identipikasyon ng California at impormasyon tungkol sa numero ng seguridad sosyal; at, kapag praktikal, sa ibang mga angkop na tipunan ng impormasyon tulad ng mga nauukol sa kapansanan, pampublikong tulong, estudyante at ibang mga komunidad;
- ♦ bumuo ng sistema ng tipunan ng impormasyon na magkaloob sa mga lokal na opisyal sa mga eleksiyon na kaagad na daan sa impormasyon tungkol sa pagpaparehistro ng botante;
- ♦ bumuo hangga't magagawa ng isang sistema ng tipunan ng impormasyon na idinisenyo upang ang mga empleyado ng estado at ibang may mga kapansanan sa paningin ay makagamit nito nang madali at tumpak hangga't magagawa at sinubok ng mga indibidwal na may mga kapansanan sa paningin nang maaga sa proseso ng pagbuo;

- ♦ bumuo ng sistema ng tipunan ng impormasyon na magsisilbing opisyal na listahan ng pagpaparehistro ng botante para sa mga pederal na eleksiyon;
- ♦ bumuo ng isang sistema ng tipunan ng impormasyon na nagkakaloob ng pagtanggap ng mga indibidwal na malinaw na hindi karapat-dapat bumoto, alinsunod sa lahat ng batas ng estado at pederal na batas, habang tinitiyak na ang mga karapat-dapat na botante ay hindi natanggal dahil sa pagkakamali sa listahan ng pagpaparehistro;
- ♦ bumuo ng mga patnubay at pamamaraan upang matiyak na ang katugmang impormasyon tungkol sa mga indibidwal na tipunan ng impormasyon na ginagamit upang beripikahin ang impormasyon tungkol sa botante ay isinasagawa sa magkakatulad na paraan, maingat at tumpak hangga't magagawa, partikular sa mga kaso na maaaring unang lumitaw na ang botante ay hindi karapat-dapat;
- ♦ bumuo ng mga patnubay at pamamaraan sa pagharap sa lahat ng iniaatas na pederal at pang-estado tungkol sa pagpapasabi sa mga botante kung sino ang isinasaalang-alang ng Estado na tanggalin sa listahan ng mga karapat-dapat na botante;
- ♦ bumuo ng isang programa sa pagsasanay ng mga tauhang responsable sa pagpapanatili ng pambuon-estadong tipunan ng impormasyon ng pagpaparehistro ng botante na pinagsasama ang mga sumusunod na pamamaraan at nagbibigay-diin sa: (1) pangangailangan ng katumpakan sa beripikasyon ng impormasyon tungkol sa botante bago tanggalin ang mga botante bilang mga karapat-dapat na botante sa listahan ng pagpaparehistro, at (2) ang kahalagahan ng pagsunod sa mga pederal at pang-estadong iniaatas ukol sa pagpapasabi;
- ♦ isaalang-alang ang pag-ispensor ng batas para sa masaklaw na mekanismo upang pasabihan ang isang indibidwal tungkol sa mga pagbabago ng katayuan o kabiguang magparehistro, o iminungkahing pag-aalis ng indibidwal sa tipunan ng impormasyon bilang karapat-dapat na botante at pagbibigay ng makatwirang pagkakataon sa indibidwal na magharap ng impormasyong naglilinaw o nagwawasto;
- ♦ magkaloob ng patuloy na tulong na teknikal sa mga opisyal sa mga eleksiyon tungkol sa pambuon-estadong tipunan ng impormasyon;
- ♦ tiyakin na ang tipunan ng impormasyon at ang impormasyong nilalaman nito ay hindi ginagamit sa maling paraan;
- ♦ magtatag ng magkakatulad na pananggalang para sa proteksiyon ng pagiging kompidensiyal at pagkapribado ng impormasyong nakuha tungkol sa mga botante sa sistema ng tipunan ng impormasyon at sa mga tipunan ng impormasyon na nakikipag-ugnayan ang tipunan ng impormasyon ng pagpaparehistro ng botante;
- ♦ tiyakin ang pagsunod sa Seksiyon 203 ng Batas sa mga Karapatan sa Pagboto (42 U.S.C. § 1973aa-1a).

E. MGA INIAATAS PARA SA BERIPIKASYON NG IMPORMASYON TUNGKOL SA PAGPAPAREHISTRO NG BOTANTE

SEKSIYON 303, PAHINA 111-117

Pederal na Batas

Seksiyon 303(a)(5) (pahina 111), mula ika-1 ng Enero, 2004, o ika-1 ng Enero, 2005,¹⁶ ay nag-uutos ng mga ispesipikong iniaatas tungkol sa isang aplikasyon para sa pagpaparehistro ng botante para sa isang pederal na eleksiyon.

Ang nasabing aplikasyon ay hindi maaaring tanggalin o iproseso maliban kung may kasama itong numero ng lisensiya ng tsuper ng isang aplikante na inisyuhan ng isang pangkasalukuyan, balidong lisensiya ng tsuper; o, kung ang balidong lisensiya ng tsuper ay hindi pa naiisyu ang huling apat na bilang ng numero ng seguridad sosyal ng aplikante.

Gayunman, kung ang isang aplikante ay hindi pa naiisyuhan ng pangkasalukuyan, balidong lisensiya ng tsuper o numero ng seguridad sosyal, ang Estado ay dapat mag-isyu ng walang-katulad na numerong nagpapakilala.

Kung ang Estado ay may kompyuterisadong listahan, itong walang-katulad na numerong nagpapakilala ay dapat na ang numerong itinalaga sa aplikante para sa mga layunin ng kompyuterisadong listahan.

Ang Estado ay dapat magpasiya kung ang impormasyong ipinagkaloob ng aplikante - ang numero ng lisensiya ng tsuper o bahagi ng numero ng seguridad sosyal (ang huling apat na digit) - ay sapat para matugunan ang mga iniaatas ng HAVA.

Ang Sekretaryo ng Estado ay dapat makipagkasundo sa Kagawaran ng Sasakyang De-Motor, at ang Kagawaran ng mga Sasakyang De-Motor ay dapat makipagkasundo sa Komisyonado ng Seguridad Sosyal, upang beripikahin ang katumpakan ng impormasyong ipinagkaloob ng aplikante sa pagpaparehistro ng botante, partikular:

- ♦ ang pangalan ng aplikante - pangalan at naunang pangalan o apelyido;
- ♦ ang petsang kapanganakan ng aplikante;
- ♦ ang numero ng seguridad sosyal ng aplikante;
- ♦ kung ang mga nasabing rekord ay nagpapakita na ang aplikante ay namatay na.

Walang dapat ipakahulugan na nangangailangan ng pagkaloob ng angkop na impormasyon kapag mayroong mga natatanging pangyayari, halimbawa, personal na kaligtasan o paggambala sa isang imbestigasyon.

PAGSUNOD SA HAVA NG MGA INIAATAS PARA SA BERIPIKASYON NG IMPORMASYON SA PAGPAPAREHISTRO NG BOTANTE

Sa pagsangguni sa mga lokal na opisyal sa mga eleksiyon at ibang interesadong partido, kabilang ang komite sa pagpapayo na binuo ng Sekretaryo ng Estado para sa mga layuning ito, at pagkatapos isaalang-alang ang mga boluntaryong patnubay na pinagtibay ng Komisyon alinsunod sa Subtitulo B ng Titulo III, ang California, sa pamamagitan ng mga prosesong panregulasyon o pambatas, o sa ibang paraan, sumunod sa HAVA. Upang makatulong na maibalik ang integridad ng proseso ng pagboto, itaas ang pagkakataon para sa lahat ng karapat-dapat na mamamayan upang lumahok sa prosesong ito, at upang sumunod sa HAVA, ang Estado, sa ilalim ng direksiyon ng Sekretaryo ng Estado, bilang Punong Opisyal sa mga Eleksiyon,¹⁷ kaugnay ng pagsangguning tinukoy sa itaas, ay titiyak na ang Estado ay sumusunod sa mga iniaatas ng HAVA tungkol sa mga iniaatas para sa beripikasyon ng impormasyon tungkol sa pagpaparehistro ng botante para sa mga pederal na eleksiyon. Sa pagsunod sa mga iniaatas na ito, ang Sekretaryo ng Estado ay, sa bahagi:

- ♦ ituturing na ang numero ng kard ng identipikasyon ng estado ng aplikante na inisyu ng Kagawaran ng mga Sasakyang De-Motor ng California na nakakatugon sa mga iniaatas na numero ng lisensiya ng tsuper;
- ♦ kung ipinahihuntulot ng batas, magtatag ng isang pamamaraan at mga tuntunin na nag-aatas sa mga lokal na opisyal sa mga eleksiyon na magkaloob sa sinumang tao na ang aplikasyon sa pagpaparehistro ng botante ay hindi tinanggap ng nakasulat na paunawa at isang pagkakataon upang itama ang mga pagkakamali o magkaloob ng nawawalang impormasyon;
- ♦ linawin, sa batas o sa ibang paraan, sa mga lokal na opisyal sa mga eleksiyon at mga botante kung paano angkop na sasagutan ang mga porma ng pagpaparehistro ng botante.

F. MGA ESPESYAL NA INIAATAS PARA SA MGA PARTIKULAR NA BOTANTE NA NAGPAPAREHISTRO SA PAMAMAGITAN NG KOREO

SEKSIYON 303, PAHINA 117-124

Pederal na Batas

Mula sa ika-1 ng Enero, 2004 (pahina 124), ang Estado, sa magkakatulad at di-nagdidiskriminang paraan, hihingi ng katunayan ng paninirahan mula sa isang nakarehistrong botante para sa pagboto sa isang pederal na eleksiyon, kung ang botante ay nagparehistro upang bumoto sa isang hurisdiksiyon sa pamamagitan ng koreo sa o pagkaraan ng ika-1 ng Enero, 2003, at hindi pa nakakaboto sa isang eleksiyon sa pederal na opisina sa Estado, o hindi pa nakakaboto sa isang eleksiyon sa pederal na katungkulan sa hurisdiksiyon at ang hurisdiksiyon ay matatagpuan sa isang Estado na hindi nagtataglay ng sumusunod sa HAVA na kompyuterisadong listahan ng pagpaparehistro ng botante na pambuong estado.

Kung ang botante ay nakakatugon sa mga kondisyong ito, at siya ay personal na bumoto sa isang lugar na botohan, ang botante ay dapat, upang makaboto, na magharap sa angkop na opisyal sa mga eleksiyon ng pangkasalukuyan at balidong may-retratong identipikasyon o isang kopya ng isa sa mga sumusunod na nagpapakita ng pangalan at tirahan ng botante:

- ♦ pangkasalukuyang singil sa utilidad;
- ♦ pahayag ng bangko;
- ♦ tseke ng gobyerno;
- ♦ tseke ng suweldo sa gobyerno;
- ♦ isang dokumento ng gobyerno.

Kung ang botante ay nakakatugon sa mga kondisyong ito at siya ay bumoto sa pamamagitan ng koreo - balota ng nagpapadala lamang - ang botante, upang makaboto, ay dapat magsumite ng kanyang balota sa angkop na opisyal sa mga eleksiyon ng isang kopya ng pangkasalukuyan at balidong may-retratong identipikasyon o isang kopya ng isa sa mga sumusunod na nagpapakita ng pangalan at tirahan ng botante:

- ♦ pangkasalukuyang singil sa utilidad;
- ♦ pahayag ng bangko;
- ♦ tseke ng gobyerno;
- ♦ tseke ng suweldo sa gobyerno;
- ♦ isang dokumento ng gobyerno.

Sinumang botante na napapailalim sa mga iniaatas na ito na bumoto nang personal at hindi nagkaloob ng katunayan ng paninirahan gaya ng iniaatas ay dapat pagkaloob ng isang pansamantalang balota.

Ang balota ng sinumang botante na napapailalim sa mga iniaatas na ito na bumoto sa pamamagitan ng koreo - balota ng nagpapadala lamang - at hindi nagkaloob ng katunayan ng paninirahan ay ituturing na pansamantalang balota.

MGA IKSEPSIYON

SEKSIYON 303(b)(3), PAHINA 119

Ang mga iniaatas para sa unang-pagkakataong botante na magkaloob ng katunayan ng paninirahan ay hindi dapat gamitin kapag ang alinman sa mga sumusunod ay angkop:

1. Ang botante ay nagparehistro sa ilalim ng Seksiyon 6 ng NVRA (42 U.S.C. § 1973gg-4) at nagsumite bilang bahagi ng pagpaparehistro ng botante ng isang kopya ng pangkasalukuyan at balidong may-retratong identipikasyon o isang kopya ng isa mga sumusunod na nagpapakita ng pangalan at tirahan ng botante:
 - ♦ pangkasalukuyang singil sa utilidad;
 - ♦ pahayag ng bangko;
 - ♦ tseke ng gobyerno;
 - ♦ tseke ng suweldo sa gobyerno;
 - ♦ isang dokumento ng gobyerno.

2. Ang botante ay nagparehistro sa ilalim ng Seksiyon 6 ng NVRA (42 U.S.C § 1973gg-4) at nagsumite bilang bahagi ng pagpaparehistro (napapailalim sa beripikasyon ng estado ng impormasyon, kabilang ang pangalan ng aplikante at petsang kapanganakan) numero ng lisensiya ng tsuper, o hindi kukulangin sa apat na bilang ng kanilang numero ng seguridad sosyal.
3. Ang botante ay karapat-dapat bumoto sa pamamagitan ng balota ng nagpapadala lamang sa ilalim ng Batas sa Pagboto ng Nagpapadala Lamang na Nakauniporme at Mamamayang Nasa Ibang Bansa (42 U.S.C. § 1973ff-1 at ang kasunod.).
4. Ang botante ay karapat-dapat bumoto nang hindi personal sa pamamagitan ng Seksiyon 3(b)(2)(B)(ii) ng Batas sa Kakayahang Makaboto para sa Matatanda at May Kapansanan (42 U.S.C. § 1973ee-1).
5. Ang botante ay karapat-dapat sa ilalim ng pederal na batas na bumoto nang hindi personal.

PAGSUNOD SA HAVA NA MGA ESPESYAL NA INIAATAS PARA SA MGA PARTIKULAR NA BOTANTE NA NAGPAREHISTRO SA PAMAMAGITAN NG KOREO

Sa pagsangguni sa mga lokal na opisyal sa mga eleksiyon at ibang interesadong partido, kabilang ang komite sa pagpapayo na binuo ng Sekretaryo ng Estado para sa mga layuning ito, at pagkatapos isaalang-alang ang mga boluntaryong patnubay na pinagtiyay ng Komisyon alinsunod sa Subtitulo B ng Titulo III, ang California, sa pamamagitan ng mga prosesong panregulasyon o pambatas, o sa ibang paraan, sumunod sa HAVA. Upang makatulong na maibalik ang integridad ng proseso ng pagboto, itaas ang pagkakataon para sa lahat ng karapat-dapat na mamamayan upang lumahok sa prosesong ito, at upang sumunod sa HAVA, ang Estado, sa ilalim ng direksiyon ng Sekretaryo ng Estado, bilang Punong Opisyal sa mga Eleksiyon,¹⁸ kaugnay ng pagsangguning tinukoy sa itaas, sa bahagi, ay susunod sa mga iniaatas ng HAVA tungkol sa mga espesyal na iniaatas para sa mga partikular na botante na nagparehistro sa pamamagitan ng koreo. Sa pagpapatupad ng mga probisyong ito, ang California ay, sa bahagi:

- ♦ titiyak na ang mga opisyal sa mga eleksiyon, mga manggagawa sa botohan at botante ay malinaw na naiintindihan kung sinong mga botante ang napapailalim sa mga iniaatas na identidad; naiintindihan ang mga pamamaraan sa paghingi, pagsusuri at pagproseso ng identidad, at papayuhan ang mga indibidwal ng kanilang karapatang bumoto ng pansamantalang balota kapag angkop;

- ♦ iaplay ang mga iniaatas na identidad doon lamang sa mga nakakatugon sa ispesipikong pamantayang nakalagay sa Seksiyon 303(b)(1), na nagparehistro sa pamamagitan ng koreo sa o pagkaraan ng ika-1 ng Enero, 2003, at hindi pa nakakaboto sa isang eleksiyon para sa pederal na katungkulan sa hurisdiksiyon;¹⁹
- ♦ bigyang-kahulugan ang "pagpaparehistro sa pamamagitan ng koreo" para sa mga layunin ng Seksiyon 303 ng HAVA upang mangahulugan na ang isang kard ng pagpaparehistro ng botante na natanggap ng isang opisyal sa mga eleksiyon na may tatak-pangkoreo na nagpapatid na ito ay ipinakoreo ng nagparehistro sa opisyal sa mga eleksiyon;
- ♦ sa lalong madaling panahon, naipalaganap man o hindi ang Komisyon ng mga boluntaryong patnubay, linawin para sa mga botante, lokal na opisyal sa mga eleksiyon, at mga manggagawa sa botohan, sa isang magkakatulad at di-nagdidiskriminang paraan, kung aling mga porma ng identidad ang matanggap para gamitin bilang balidong identidad gaya na ipinahihintulot sa ilalim ng Seksiyon 303(b)(2)(A), binibigyan ng malawak na kahulugan ang mga nasabing probisyon upang ipahintulot ang paggamit ng identidad para matugunan ang mga iniaatas ng HAVA, tulad ng paglilinaw na isinasama rito sa pamamagitan ng pagtukoy na waring ito ay detalyadong nakalagay;
- ♦ subaybayan ang aplikasyon ng mga probisyon sa identidad, kabilang ang paggamit ng isang matatawagan para sa pag-uulat ng labag sa batas umano na aplikasyon ng mga iniaatas sa identidad;
- ♦ tiyakin ang pagsunod sa Seksiyon 203 ng Batas sa mga Karapatan sa Pagboto (42 U.S.C. §1973aa-1a).

G. MGA INIAATAS SA IPINAKOKOREONG PORMA PARA SA PAGPAPAREHISTRO

SEKSIYON 303(b)(4), PAHINA 121-122

Pederal na Batas

Ang porma para sa pagpaparehistro ng botante na binuo sa ilalim ng Seksiyon 6 ng NVRA (42 U.S.C. § 1973gg-4) ay dapat kabilang:

- ♦ ang mga tanong kung ikaw ay mamamayan ng Estados Unidos ng Amerika at magiging 18 taong gulang ka sa o bago ang araw ng eleksiyon;
- ♦ ang pahayag: "Kung minarkahan mo ang 'hindi' bilang sagot sa alinman sa mga tanong na ito, huwag sagutan ang pormang ito;"
- ♦ ang isang pahayag na nagbibigay-alam sa aplikante na kung ang pormang isinumite sa pamamagitan ng koreo at ang botante ay nagpaparehistro sa unang pagkakataon, ang karagdagang impormasyon (isang kopya ng mga dokumento bilang katunayan ng panirahan; o numero ng lisensiya ng tsuper o bahagi ng numero ng seguridad sosyal) ay dapat na ipagkaloob upang iwasan ang karagdagang katunayan ng panirahan na iniaatas sa oras ng pagboto.

Kung ang isang aplikante ay hindi sumagot sa tanong na: "Ikaw ba ay mamamayan ng Estados Unidos ng Amerika?" ang tagapagrehistro ay dapat pasabihan ang aplikante ng kabiguang kumpletuhin ang porma at dapat magkaloob ng pagkakataon sa aplikante na kumpletuhin ang porma sa loob ng takdang panahon.

PAGSUNOD SA HAVA NG MGA INIAATAS NA PORMA NG IPINAKOKOREONG PAGPAPAREHISTRO

Sa pagsangguni sa mga lokal na opisyal sa mga eleksiyon at ibang interesadong partido, kabilang ang komite sa pagpapayo na binuo ng Sekretaryo ng Estado para sa mga layuning ito, at pagkatapos isaalang-alang ang mga boluntaryong patnubay na pinagtibay ng Komisyon alinsunod sa Subtitulo B ng Titulo III, ang California, sa pamamagitan ng mga prosesong panregulasyon o pambatas, o sa ibang paraan, sumunod sa HAVA. Upang makatulong na maibalik ang integridad ng proseso ng pagboto, itaas ang pagkakataon para sa lahat ng karapat-dapat na mamamayan upang lumahok sa prosesong ito, at upang sumunod sa HAVA, ang Estado, sa ilalim ng direksiyon ng Sekretaryo ng Estado, bilang Punong Opisyal sa mga Eleksiyon,²⁰ kaugnay ng pagsangguning tinukoy sa itaas, sa bahagi, ay bubuo ng mga magkakatulad at di-nagdidiskriminang pamamaraan upang matugunan ang mga iniaatas ng Seksiyon 303(b)(4) ng HAVA.

H. PAGGAMIT NG KABAYARAN SA INIAATAS PARA SA IBA SA PAGSUNOD SA TITULO III

Seksiyon 251(b) (pahina 65-66) ay nagpapahintulot sa paggamit ng mga kabayaran sa mga iniaatas lamang para sa pagsunod sa Titulo III, maliban sa ang Estado ay maaaring gumamit ng kabayaran sa mga iniaatas upang isakatuparan ang ibang mga aktibidad upang pabutihin ang pangangasiwa ng mga eleksiyon, kung ang estado ay nagsertipika na ipinatupad nito ang mga iniaatas ng Titulo III o ang halagang ginasta ukol sa nasabing ibang mga aktibidad ay hindi lumalampas sa halagang katumbas ng pinakamababang kabayaran na angkop sa Estado sa ilalim ng Seksiyon 252(c), pahina 68 (kalahati ng isang porsiyento ng kabuuang halagang inilaan sa kabayaran sa mga iniaatas para sa taon).

PAGSUNOD SA HAVA NG PAGGAMIT NG KABAYARAN SA MGA INIAATAS SA IBA SA PAGSUNOD SA TITULO III

Sa pagsangguni sa mga lokal na opisyal sa mga eleksiyon at ibang interesadong partido, kabilang ang komite sa pagpapayo na binuo ng Sekretaryo ng Estado para sa mga layuning ito, at pagkatapos isaalang-alang ang mga boluntaryong patnubay na pinagtibay ng Komisyon alinsunod sa Subtitulo B ng Titulo III, ang California, sa pamamagitan ng mga prosesong panregulasyon o pambatas, o sa ibang paraan, sumunod sa HAVA. Upang makatulong na maibalik ang integridad ng proseso ng pagboto, itaas ang pagkakataon para sa lahat ng karapat-dapat na mamamayan upang lumahok sa prosesong ito, at upang sumunod sa HAVA, ang Estado, sa ilalim ng direksiyon ng Sekretaryo ng Estado, bilang Punong Opisyal sa mga Eleksiyon,²¹ kaugnay ng pagsangguning tinukoy sa itaas, sa bahagi, ay alamin kung paano ang anumang mga pondong makukuha alinsunod sa Seksiyon 251(b) (pahina 65-66) ay dapat gastahin upang mapabuti ang pangangasiwa ng mga eleksiyon para sa pederal na katungkulan sa California.

IKALAWANG SEKSIYON: PAMAMAHAGI NG KABAYARAN SA MGA INIAATAS

SEKSIYON 254(a)(2), PAHINA 72-73

KUNG PAANO ANG ESTADO AY MAMAMAHAGI AT SUSUBAYBAY SA PAMAMAHAGI NG KABAYARAN SA MGA INIAATAS SA MGA YUNIT NG LOKAL NA PAMAHALAAN O IBANG MGA ENTIDAD SA ESTADO PARA SA PAGSASAKATUPARAN NG MGA AKTIBIDAD NA INILARAWAN SA ELEMENTO UNANG (SEKSIYON), KABILANG ANG PAGLALARAWAN NG: PAMANTAYANG GAGAMITIN UPANG ALAMIN ANG PAGIGING KARAPAT-DAPAT NG MGA NASABING YUNIT O ENTIDAD PARA SA PAGTANGGAP NG KABAYARAN; AT ANG MGA PARAANG GAGAMITIN NG ESTADO UPANG SUBAYBAYAN ANG PAGGANAP NG MGA YUNIT O ENTIDAD KUNG KANINO IPAMAMAHAGI ANG KABAYARAN, KAAYON NG MGA HANGARIN SA PAGGANAP AT MGA HAKBANG NA PINAGTIBAY SA ILALIM NG IKAWALONG ELEMENTO (SEKSIYON).

Ang kabayaran sa mga iniaatas na makukuha sa ilalim ng HAVA ay dapat gamitin para sa mga layuning inilarawan sa Seksiyon 1 sa itaas, kabilang ang itinatadhana sa Seksiyon 251(b)(2), o kung inawtorisa ng HAVA.

Ang Sekretaryo ng Estado, bilang Punong Opisyal sa mga Eleksiyon, ay, sa pagsangguni sa mga lokal na opisyal sa mga eleksiyon at ibang mga interesadong partido, at pagkatapos isaalang-alang ang mga boluntaryong patnubay na pinagtibay ng Komisyon alinsunod sa Subtitulo B ng Titulo III, magtatag ng isang pamamaraan sa pamamahagi at pagsubaybay ng mga kabayaran sa mga lokal na pamahalaan at ibang mga entidad. Upang tumulong tungkol sa bagay na ito, ang Sekretaryo ng Estado ay maghihirang ng Komite sa Pagpapayo, binubuo ng mga lokal na opisyal sa mga eleksiyon at ibang mga indibidwal at kinatawan ng mga organisasyon, upang magpayo at gumawa ng mga rekomendasyon tungkol sa pamamahagi ng mga pondo. Pagkatapos isaalang-alang ang payo at mga rekomendasyon ng Komite sa Pagpapayo, ang Sekretaryo ng Estado ay dapat:

- ♦ magtatag ng pamamaraan, kabilang ang mga porma at proseso para sa aplikasyon, para sa pagtanggap ng mga pondo;
- ♦ magtatag ng pamantayan sa pamamahagi ng mga pondo, kabilang ang pagkilala ng mga uri ng indibidwal at entidad na karapat-dapat tumanggap ng mga pondo;

- ♦ magtatag ng mga ispesipikong hangarin sa pagganap at mga hakbang upang subaybayan ang paggamit ng mga pondong ito, nangangailangan ng pana-panahong pag-uulat at pagtutuos sa Sekretaryo ng Estado upang matiyak na ang mga pondo ay ginagasta alinsunod sa Titulo III at sa aplikasyon para sa mga pondo, at upang matiyak na ang mga programa ay nakakatugon sa mga hangarin sa pagganap at mga hakbang na pinagtibay ng Sekretaryo ng Estado;
- ♦ sa pamamagitan ng pangkalahatang pabalita, sa paglalagay sa Internet, komunikasyon sa mga interesadong partido, at ibang mga angkop na paraan, gumawa ng aplikasyon para sa mga pondo, ang mga hangarin sa pagganap at mga hakbang, at ibang impormasyon tungkol sa pamamaraan para sa pamamahagi ng mga pondo, makukuha ng publiko.

IKATLONG SEKSIYON: EDUKASYON NG BOTANTE, PAGSASANAY NG OPISYAL SA ELEKSIYON, AT PAGSASANAY NG MANGGAGAWA SA BOTOHAN

SEKSIYON 254(a)(3), PAHINA 73

KUNG PAANO MAGKAKALOOB ANG ESTADO NG MGA PROGRAMA PARA SA EDUKASYON NG BOTANTE, EDUKASYON AT PAGSASANAY NG OPISYAL SA MGA ELEKSIYON, AT PAGSASANAY NG MANGGAGAWA SA BOTOHAN NA TUTULONG SA ESTADO NA MATUGUNAN ANG MGA INIAATAS NG TITULO III.

Ang Sekretaryo ng Estado, bilang Punong Opisyal sa mga Eleksiyon, sa pagsangguni sa mga lokal na opisyal sa mga eleksiyon at ibang mga interesadong partido, at pagkatapos isaalang-alang ang anumang boluntaryong patnubay na pinagtibay ng Komisyon alinsunod sa Subtitulo B ng Titulo III, ay dapat:

1. magtatag ng programang pakikipag-ugnayan at edukasyon sa Opisina ng Sekretaryo ng Estado upang edukahan ang mga lokal na opisyal sa mga eleksiyon at mga botante, at gawin ang mga sumusunod:
 - ◆ upang tumulong na matugunan ang mga hangarin at iniaatas ng Titulo III;
 - ◆ upang magsilbing "lugar ng pag-aayos" para sa pag-uugnay ng edukasyon ng botante;
 - ◆ upang makipagtulungan at himukin ang mga opisyal sa mga eleksiyon na makipagtulungan sa mga organisasyong nakabase sa komunidad, nakabase sa empleyado, nakabase sa kampus at mga katulad na organisasyon upang turuan ang mga opisyal sa mga eleksiyon at mga botante;
 - ◆ upang lumikha at maglagay ng mga pahayag na serbisyong pampubliko na may kaugnayan sa pagkuha ng manggagawa sa botohan at edukasyon ng botante, kabilang ang mga pahayag na madaling makikita ng mga indibidwal na may mga kapansanan;
 - ◆ upang lumikha at mamahagi, at mag-ayos para sa pamamahagi, ng mga materyal na angkop sa mga nakatatandang botante, mga botanteng may mga kapansanan, nangangailangan ng tulong sa wika, at mababa ang kakayahang bumasa't sumulat, tungkol sa mekanismo ng paglahok sa proseso ng pagboto;
 - ◆ upang magdisenyo, maglagay at mamahagi ng mga website, at mga template ng website, tungkol sa proseso ng pagboto, gumawa ng mga hakbang upang matiyak na ang mga ito ay madaling magagamit ng mga indibidwal na may mga kapansanan;
 - ◆ upang mahikayat ang mga nakababatang botante at ang wala pang sapat na gulang para bumoto tungkol sa kahalagahan at mekanismo ng paglahok sa proseso ng pagboto;
 - ◆ upang edukahan ang lahat ng karapat-dapat na mamamayan, kabilang ang wala na sa bilangguan o parolado sa isang felony, tungkol sa pamamaraang kaugnay ng pagboto;
 - ◆ upang makipagtulungan sa pederal, pang-estado at lokal na ahensiya ng pamahalaan, kabilang ang Kagawaran ng mga Sasakyang De-Motor ng California, upang isaayos ang mga pamamaraan para mapabilis ang pagpaparehistro ng botante at paglahok ng botante;
 - ◆ upang bumuo ng mga pamamaraan sa pagbibigay-alam sa mga indibidwal na depektibo ang mga pagsisikap na magpaparehistro upang bumoto at depektibo ang pagboto, at upang magkaloob ng pagwawasto sa mga nasabing kakulangan;
 - ◆ upang humingi ng pribadong pagpopondo para sa pakikipag-ugnayan at edukasyon;
 - ◆ upang subukin ang mga paraan para bawasan ang pagbabago ng lugar na botohan na nakakalito sa mga botante;
 - ◆ upang subukan ang mga paraan na maaaring magpabilis ng pagkakataong lumahok sa proseso ng pagboto, kabilang ang pagpaparehistro sa Araw ng Eleksiyon, pagboto kung Sabado o Linggo, at pagboto sa Pista Opisyal na Araw ng Eleksiyon;
 - ◆ upang isaalang-alang ang pagtataguyod ng maagang pagboto at mga sentro ng pagboto sa kapitbahayan;
 - ◆ upang gumawa ng lahat ng angkop na aksiyon upang edukahan ang mga opisyal sa mga eleksiyon at mga botante tungkol sa proseso ng pagboto;

2. sa pamamagitan ng proseso ng pamamahagi ng mga pondo, magkaloob ng mga pondo sa mga opisyal sa mga eleksiyon ng county at ibang mga entidad, kabilang ang mga organisasyong nakabase sa komunidad, nakabase sa empleyado, nakabase sa kampus at mga katulad na organisasyon, upang tumulong sa edukasyon ng botante, edukasyon at pagsasanay ng opisyal sa mga eleksiyon, at pagsasanay ng manggagawa sa botohan;
3. isaalang-alang ang pagtatatag, kaugnay ng mga lokal na opisyal sa mga eleksiyon, ng "Akademya sa Eleksiyon" o katulad na institusyon upang magkaloob ng pagsasanay, edukasyon at sertipikasyon sa mga opisyal sa mga eleksiyon at mga manggagawa sa botohan;
4. isaalang-alang ang pagtatatag ng mga lokal na opisyal sa mga eleksiyon, isang on-line, interaktibong seminar sa pagsasanay upang magsanay, magturo at magsertipika ng mga opisyal sa mga eleksiyon at mga manggagawa sa botohan habang tinitiyak na ang ang nasabing seminar ay may daan sa pinakamaraming posibleng tao, kabilang ang mga manggagawa sa botohan na dalawa ang wika at mga manggagawa sa botohan na may mga kapansanan;
5. isaalang-alang ang paglikha at pamamahagi, kaugnay ng mga lokal na opisyal sa mga eleksiyon at mga organisasyong nakabase sa komunidad, nakabase sa empleyado, nakabase sa kampus, at mga katulad ng organisasyon, sa mga angkop na wika, ng mga nakalimbag na materyal, website, template ng website, at video sa DVD o ibang angkop na media, na nagkaloob ng pagsasanay sa mga opisyal sa mga eleksiyon at mga manggagawa sa botohan at nagtuturo sa mga botante kung paano lalahok sa proseso ng eleksiyon, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga patnubay sa botante na nakaukol sa mga nakatatandang botante at mga botanteng may mga kapansanan, kabilang ang mahinang bumasa't sumulat, at mga botanteng may minoryang wika;
6. isaalang-alang ang pagpapahusay ng kasalukuyang walang-bayad na numero ng telepono at website ng Sekretaryo ng Estado upang magkaloob ng karagdagang impormasyon sa mga mamamayan kung paano lalahok sa proseso ng eleksiyon at tiyakin na may sapat na mga tauhan at kakayahan upang gawin ang walang-bayad na numero at ang website na madaling magamit ng mga taong may mga kapansanan at mga taong nangangailangan ng tulong sa wika;
7. makipagtulungan sa mga lokal na opisyal sa mga eleksiyon upang magtatag ng programang nakabase sa komunidad, nakabase sa empleyado, nakabase sa kampus o mga katulad na programa upang magsanay at magturo ng mga manggagawa sa botohan upang magamitan sa pagboto at ibang mga pamamaraan sa eleksiyon na isasama sa pondong ipamamahagi para sa pakikipag-ugnayan at pagtuturo. Ang mga pamantayan upang maging kuwalipikado sa mga gawad na ito ay dapat kabilang ang ipinakitang kadalubhasaan sa pagsasanay at pagtuturo ng botante, at mga aktibidad sa pagkuha ng mga manggagawa sa botohan;
8. magtatag ng mga pamamaraan at pamantayan para sa mga indibidwal at organisasyon upang mag-aplay para sa mga gawad upang tumulong sa pagsasanay at pagtuturo, kabilang ang pagkilala at pagkuha ng mga manggagawa sa botohan na may minoryang wika at mga manggagawa sa botohan na may mga kapansanan. Ang mga pamantayan upang maging kuwalipikado sa mga gawad na ito ay dapat kabilang ang ipinakitang kadalubhasaan sa pagsasanay at pagtuturo ng botante, at pagkuha ng mga manggagawa sa botohan. Ang programang gawad ay dapat na kabilang din ang pagtimbang ng mga hakbang upang suriin ang pagiging mabisa ng mga pinondohang programa;
9. bumuo para ilagay sa mga lugar na botohan, sa Internet, at sa iba pang lugar, ng mga materyal sa mga angkop na wika na naglalaman ng kapaki-pakinabang na impormasyon tungkol sa proseso ng eleksiyon at kung paano lalahok dito. Dapat tiyakin ng Sekretaryo ng Estado na ang mga nasabing materyal ay magagamit ng pinakamaraming posibleng tao, kabilang ang mga taong may mga kapansanan, nangangailangan ng tulong sa wika, at limitado ang kasanayang bumasa't sumulat;
10. upang tiyakin na ang anumang pagsasanay na ipinagkaloob sa mga manggagawa sa botohan ay sumasakop sa hindi kukulangin sa mga sumusunod na paksa:
 - ◆ ang wastong pagpapatakbo at pagpapanatili ng mga sistema at teknolohiya ng pagboto;
 - ◆ ang mga karapatan ng mga botante upang bumoto ng mga pansamantalang balota, ang wastong pagproseso at pagbilang ng mga balotang ito, at kung paano malalaman ng mga bumoto ng pansamantalang balota kung ang kanilang mga boto ay ibinilang at, kung hindi, bakit hindi;
 - ◆ ang di-nagdidiskriminang paggamit ng mga iniaatas ng HAVA ukol sa identipikasyon para sa mga partikular na botante na nagparehistro sa pamamagitan ng koreo;

- ◆ pagkilala at pagtulong sa mga botanteng may mga kapansanan, kabilang ang may mga kapansanang pangkaisipan, upang ang mga nasabing botante ay makalahok nang lubos sa proseso ng pagboto nang independiyente at pribado;
 - ◆ ang mga karapatan ng mga botante sa minoryang wika sa mga hurisdiksiyong sakop sa ilalim ng Seksiyon 203 ng Batas ng 1965 sa mga Karapatan sa Pagboto upang tumanggap ng tulong sa wika sa lugar na botohan;
11. himukin ang mga pagsisikap sa pagtuturo sa botante na isinasagawa nang may kaugnayan sa mga naunang aktibidad upang masakop ang hindi kukulangin sa mga sumusunod na paksa:
- ◆ impormasyon kung paano magpaparehistro upang bumoto;
 - ◆ impormasyon kung paano malalaman ng botante ang lugar na kanilang botohan at ang mga oras ng pagboto;
 - ◆ impormasyon sa mga panghaliling pagboto sa Araw ng Eleksiyon, tulad ng mga balota ng nagpapadala lamang at maagang pagboto;
 - ◆ ang wastong paggamit ng mga sistema at teknolohiya ng pagboto;
 - ◆ ang mga karapatan ng mga botante na bumoto ng mga pansamantalang balota at kung paano malalaman ng mga bumoto ng pansamantalang balota kung ang kanilang mga boto ay ibinilang at, kung hindi, bakit hindi;
 - ◆ ang mga karapatan ng mga botante may minoryang wika sa mga hurisdiksiyong sakop sa ilalim ng Seksiyon 203 ng Batas ng 1965 sa mga Karapatan sa Pagboto upang tumanggap ng tulong sa wika sa lugar na botohan;
 - ◆ ang kakayahang magamit ang pamamaraan sa reklamo at mga walang-bayad na numero na inilarawan dito sa Plano ng Estado;
12. bumuo ng komite sa pagpapayo na may magkakaibang miyembro, kabilang ang mga indibdiwal na may mga kapansanan, upang suriin ang mga kasalukuyang programang pakikipag-ugnayan ng Sekretaryo ng Estado, kabilang ang, pero hindi limitado sa: Patnubay sa Kolehiyo, Araw ng Edukasyon ng Botante sa Linggo ng Pagpaparehistro, Vote America (Bumoto Amerika), ang programang C.I.V.I.C.S., ang website na Shake the State (Alugin ang Estado), at Kunwaring Eleksiyon ng Estudyante/Magulang. Ang komite sa pagpapayo ay dapat magpasiya ng pagiging mabisa ng mga programang ito sa paghimok ng mga kabataan na magparehistro upang bumoto at lumahok sa mga eleksiyon. Ang Sekretaryo ng Estado ay dapat maglaan ng sapat na kakayahan sa pagpapalakas ng mga kasalukuyang mabisang programa at pagtatatag ng mga magiging pinakamabisa sa pagharap sa mababang paglahok ng mga taong may edad na 18-24.

IKAAPAT NA SEKSIYON: MGA PATNUBAY AT PROSESO SA MGA SISTEMA NG PAGBOTO

SEKSIYON 254(a)(4), PAHINA 73

KUNG PAANO GAGAMITIN NG ESTADO ANG MGA PATNUBAY AT PROSESO NG SISTEMA NG PAGBOTO NA KAAYON NG MGA INIAATAS NG SEKSIYON 301.

Ang Sekretaryo ng Estado, sa ilalim ng kasalukuyang batas ng estado, ay nagsesertipika ng mga sistema ng pagboto at kagamitan, at ng mga pamamaraan para sa paggamit ng mga ito, sa pamamagitan ng Lupon sa mga Sistema ng Pagboto. Ang Sekretaryo ng Estado ay nagdedesertipika ng mga sistema ng pagboto at kagamitan, at ang mga pamamaraan sa paggamit ng mga ito. Walang sistema ng pagboto na maaaring gamitin sa anumang eleksiyon nang hindi sinertipikahan.

Ang Sekretaryo ng Estado, sa pamamagitan ng mga kasalukuyang proseso, pagkatapos isaalang-alang ang anumang mga boluntaryong patnubay na pinagtibay ng Komisyon alinsunod sa Subtitulo B ng Titulo III, ay magsesertipika at magdedesertipika ng mga sistema ng pagboto, at ng mga pamamaraan sa paggamit ng mga ito, upang matiyak na ang lahat ng sistema ng pagboto at ang mga pamamaraan sa paggamit ng mga ito ay sumusunod sa mga iniaatas ng Seksiyon 301 at ibang mga probisyon ng HAVA.

IKALIMANG SEKSIYON: PAMAMAHALA NG PONDO NG HAVA

SEKSIYON 254(a)(5), PAHINA 73

KUNG PAANO ITATATAG NG ESTADO ANG ISANG PONDONG NAGLALARAWAN NG SEKSIYON (b) PARA SA MGA LAYUNING PANGASIWAAN ANG MGA AKTIBIDAD NG ESTADO SA ILALIM NG BAHAGING ITO, KABILANG ANG IMPORMASYON AT PAMAMAHALA NG PONDO.

Ang Sekretaryo ng Estado ay nagtatag sa pamamagitan ng pangangasiwa ng tatlong magkakahiwalay na Pondo sa Eleksiyon sa ilalim ng itinatag sa pamamagitan ng batas na Ipinagkakatiwalang Pondong Pederal nito, kabilang ang mga pamamaraan para sa pamamahala nito. Ang bawat napapailalim na kuwenta sa loob ng Ipinagkakatiwalang Pondong Pederal ay magsisilbing taguan ng mga pondo na Titulo I-Seksiyon 101, Titulo 1-Seksiyon 102 at Titulo II.

Ang mga opisina sa pananalapi, pagtutuos, at pagbabadyet ng Sekretaryo ng Estado ay magkakaroon ng kabuuang responsibilidad, sa ilalim ng direksiyon ng Sekretaryo ng Estado, sa pangangasiwa ng pondong ito.

Ang pangangasiwa ng pondo ay tutugon sa lahat ng iniaatas ng pederal na batas at batas ng estado para sa pamamahala ng pananalapi.

IKAANIM NA SEKSIYON: BADYET

SEKSIYON 254(a)(6), PAHINA 73-74

ANG IMINUMUNGKAHING BADYET NG ESTADO PARA SA MGA AKTIBIDAD SA ILALIM NG BAHAGING ITO (BAHAGI 1 NG SUBTITULO D NG TITULO II), BATAY SA PINAKAMAHAUSAY NA TANTIYA NG ESTADO SA MGA HALAGA NG MGA NASABING AKTIBIDAD AT ANG HALAGA NG MGA PONDONG MAKUKUHA, KABILANG ANG ISPESIPIKONG IMPORMASYON TUNGKOL SA:

- ◆ MGA HALAGA NG MGA AKTIBIDAD NA KINAKAILANGANG ISAKATUPARAN UPANG MATUGUNAN ANG MGA INIAATAS NG TITULO III;
- ◆ ANG BAHAGI NG KABAYARAN SA MGA INIAATAS NA GAGAMITIN UPANG ISAKATUPARAN ANG MGA AKTIBIDAD PARA MATUGUNAN ANG MGA NASABING INIAATAS; AT
- ◆ ANG BAHAGI NG KABAYARAN SA MGA INIAATAS NA GAGAMITIN UPANG ISAKATUPARAN ANG IBANG MGA AKTIBIDAD.

Ang mga isyu ukol sa badyet ay hindi malulutas hanggang ang halaga ng mga pondong makukuha ay mapagpasiyahan, ang mga boluntaryong patnubay (Subtitulo B ng Titulo III, pahina 125 at ang kasunod) pinalaganap ng Komisyon ay puwedeng isaalang-alang, at ang mga halaga ng aktuwal na pagpapatupad ay puwedeng matiyak. Kapag ang halaga ng mga pondo ay napagpasiyahan, ang mga patnubay ay napalaganap, at ang halaga ng pagpapatupad ay matitiyak, ang detalyadong badyet ay mapipigurahan ng Sekretaryo ng Estado, kaugnay ng mga lokal na eleksiyon, ibang mga pampublikong opisyal at interesadong indibidwal at organisasyon. Ang mga partikular na pagkakaugnayan at parametro para sa badyet, gayunman, ay nakalagay sa ibaba.

IMINUMUNGKAHING BADYET

Ang Sekretaryo ng Estado, bilang Punong Opisyal sa mga Eleksiyon ng California gaya ng inilarawan sa Seksiyon 253(e), ay magpapatibay ng mga patakaran at pamamaraan upang matiyak na lahat ng pondong natanggap, kabilang ang mga interes na kinita sa mga pondo, maliban sa mga pondong tinukoy sa Seksiyon 251(b)(2)(A) at (B) mula sa mga paglalaang Titulo II, ay gagamitin upang matupad ang mga iniaatas ng Titulo III.

Ang Sekretaryo ng Estado ay tutukoy sa antas ng "pagpapanatili ng pagsisikap" nito para sa bawat iniaatas sa Titulo III at hindi gagamit ng mga pondo ng HAVA upang tustusan ang mga aktibidad na napondohan na.

Ang Estado ay nag-awtorisa ng \$200 milyon sa mga pangkalahatang obligasyong pondo upang tustusan ang pagsasamoderno ng kagamitan sa pagboto. Ang mga county ay makakagamit ng mga pondong ito sa pagbili at instalasyon ng madaling gamiting kagamitan sa pagboto. Ang mga pondong ito ay nakakatugon sa iniaatas na pagtumbas ng Seksiyon 253(b)(5).

Walang pondong natanggap alinsunod sa Titulo II na gagamitin para sa litigasyon o pagbabayad na ipinasiya ng hukuman.

Ang Sekretaryo ng Estado, bilang Punong Opisyal sa mga Eleksiyon ng California gaya ng nilinaw sa Seksiyon 253(e), ay mangangasiwa ng Pondo sa Eleksiyon na inilarawan sa Seksiyon 254(b) ng Batas.

ISPESIPIKONG BAHAGI NG BADYET NA MY KAUGNAYAN SA TITULO III

Ang Sekretaryo ng Estado, sa pamamahagi ng Pondo sa Eleksiyon, at magkakaloob ng pondo para sa mga sumusunod na ispesipikong iniaatas ng Titulo III:

MGA PAMANTAYAN SA MGA SISTEMA NG PAGBOTO

Ang Sekretaryo ng Estado ay maglalaan ng mga pondo upang matugunan ang mga iniaatas ng Seksiyon 301. Maaring kabilang dito ang paglalaan ng mga pondo sa mga lokal na tagapangasiwa, alinsunod sa pamantayan sa paglalaan na binuo ng Sekretaryo ng Estado.

Ang antas ng mga pondong kinakailangan upang matugunan ang mga iniaatas ay depende sa maraming katangiang dapat matiyak sa pamamagitan ng pananaliksik at pagsusuri.

Bilang isang halimbawa, may mahalagang posibleng pagkakaiba sa halaga ng mga sistema ng pagboto. Ang pagkakaibang ito ay depende sa teknolohiyang pinili (DRE laban sa optical scan, nakabase sa presinto laban sa mga sentralisadong sistema, atbp.) at ang pagpiling ito ay nasa mga lokal na opisyal sa eleksiyon. Bilang karagdagan, ang halaga ay depende sa pagganap na iniaatas ng mga sistemang ito, at mga lokal na desisyon kung bibili ng isang DRE kada lugar na botohan o upang gawin ang lahat ng kagamitan na mga DRE. Bilang ikatlong halimbawa, ang bilang ng mga lugar na botohan na kinakailangan upang magkaroon ng bagong kagamitan sa pagboto ay hindi malalaman nang tiyak hanggang magkaroon ng higit na komunikasyon sa mga lokal na opisyal sa mga eleksiyon.

Kung ang mga pederal na pamantayan o mga pamantayan ng estado ay pinagtibay na nangangailangin ng pagpapatibay ng kasalukuyang kagamitan, ang mga pondo ay maaaring kailangan din sa layuning ito.

Ang Sekretaryo ng Estado ay dapat magtatag ng isang pamamaraan upang alamin kung aling mga lokal na hurisdiksiyon sa eleksiyon ang nangangailangan o humihiling ng mga pondo upang matugunan ang iniaatas ng Seksiyon 301(a)(3) para sa hindi kukulangin sa isang madaling gamiting sistema ng pagboto sa bawat lugar na botohan. May humigit-kumulang na 25,000 presinto sa Estado ng California.

Dapat tiyakin ng Sekretaryo ng Estado na lahat ng kagamitan sa pagboto ay nakakatugon sa mga probisyon ng Seksiyon 301, kabilang ang, pero hindi nangangahulugang limitado sa: (1) pagpapahintulot sa mga botante na beripikahin at itama ang kanilang mga balota bago iboto ang balota; (2) pagkakaloob ng paunawa ng pangyayari at epekto ng sobrang pagboto at pagpapahintulot sa mga botante ng pagkakataong itama ang sobrang pagboto bago iboto ang balota; (3) paglikha ng permanenteng papel na rekord na may manwal na kapasidad sa pagsusuri; (4) pagkakaloob ng magkakatulad na depinisyon ng isang boto sa alinmang mga sistema ng pagboto; (5) pagtiyak ng kakayahang magamit ng mga taong may mga kapansanan; (6) pagtiyak ng kakayahang magamit para sa wika ng mga minorya gaya ng iniaatas ng Batas ng 1965 sa mga Karapatan sa Pagboto, na sinusugan; at (7) pagtugon sa mga patnubay sa "pagkakataong magkamali" na pinagtibay ng Komisyon ng Pederal na Eleksiyon.

Sa una, ang halaga ng bahaging ito ay tinatantiyang nasa pagitan ng \$42.6 na milyon at \$70 milyon pero ang aktuwal na halaga ay maaaring kulang o higit sa mga parametro. Sa anumang kaso, ang bahaging ito ay dapat unahin sa paglalaan ng mga pondo.

PANSAMANTALANG PAGBOTO

Ang batas ng California ay tumutukoy sa mga pamamaraan para sa pansamantalang pagboto na pangkaraniwang sumusunod sa mga iniaatas ng Seksiyon 302. Gayunman, ang mga pondo ay ipamamahagi ng Sekretaryo ng Estado mula sa Pondo sa Eleksiyon upang matiyak na ang lahat ng paunawang iniaatas ng HAVA ay binuo at kasama sa bawat lugar na botohan. Bilang karagdagan, ang Sekretaryo ng Estado, sa pakikipagtulungan sa mga lokal na opisyal sa mga eleksiyon, ay binibigyang-kahulugan ang sistema (o mga sistema) ng "malayang paggamit" upang pahintulutan ang mga botante na alamin kung ang kanilang mga pansamantalang balota ay ibinilang at kung hindi, bakit hindi. Panghalili, ang estado ay maaaring gumawa ng proaktibong pagharap at magpayo sa mga pansamantalang botante ng katayuan ng kanilang mga balota at, kung ang mga ito ay hindi ibinilang, bakit hindi. Ang mga pondong kailangan para dito sa sistema ng "malayang paggamit" proaktibong programa ay depende sa disenyo ng sistema (Internet, telepono, atb.), na nagpapatakbo at namamahala ng sistema (isang sistema ng estado, o 58 lokal na sistema), at ang dami ng mga tanong ng mga botante para sa kinakailangang impormasyon o ang dami ng mga paunawang ipinagkaloob sa mga pansamantalang botante.

Sa una, ang gastos sa bahaging ito ay tinatantiyang nasa pagitan ng \$1 milyon at \$3 milyon pero ang aktuwal na halaga ay maaaring kulang o higit sa mga parametro ng ito, na may patuloy na gastos.

IMPORMASYON TUNGKOL SA PAGBOTO

Ang HAVA ay nag-aatas na bigyan ng partikular na impormasyon ang mga botante sa lugar na botohan. Ang impormasyong ito ay dapat kabilang ang halimbawang balota, ang petsa at oras ng pagboto, paano boboto, paano boboto ng pansamantalang balota, mga pamamaraan para sa unang-pagkakataong nagparehistro na kinakailangan upang magkaloob ng identipikasyon para makaboto, isang listahan ng mga karapatan ng mga botante, at pangkalahatang impormasyon tungkol sa ibang mga batas at mga proteksiyon para sa mga botante.

Titiyakin ng Sekretaryo ng Estado na ang mga kailangang materyal ay binuo, ipinamahagi, at ipinagkakaloob sa lahat ng lugar na botohan.

Sa una, ang halaga ng bahaging ito ay tinatantiyang nasa pagitan ng \$100,000 ag \$300,00 pero ang aktuwal na halaga ay maaaring kulang o higit sa mga parametro ng ito.

PAMBUONG-ESTADONG TIPUNAN NG IMPORMASYON

Ang Sekretaryo ng Estado ay dapat bumuo ng nag-iisa, magkakatulad, opisyal, sentralisado, at interaktibong tipunan ng impormasyon ng mga nakarehistrong botante na nilinaw, pinamamalagi, at pinangangasiwaan sa antas ng estado. Ang tipunan ng impormasyon ay dapat na maging opisyal na listahan ng mga botante para sa mga pederal na eleksiyon.

Ang pagbuo ng sistemang ito ay malamang na mangailangan, upang maging kaayon ng batas ng estado, ng pagsisimula ng isang pag-aaral ng kakayahang isagawa at pagsusuri upang alamin ang mga iniaatas na pagganap ng pambuong-estadong tipunan ng impormasyon. Ang pagsusuring ito ay titiyak ng halaga ng mga pondong ilalaan sa iniaatas na ito.

Ang pagsusuring ito ay kabilang ang pag-alam ng halaga at mga isyung may kaugnayan sa pagkakaloob ng "kaagad na elektronikong daan" sa mga opisyal sa mga eleksiyon na iniaatas ng Seksiyon 303(a)(1)(A)(v).

Ang pagsusuri ay magkakaloob din ng impormasyon sa maaaring maging halaga para sa ibang mga ahensiya ng estado upang matugunan ang iniaatas ng HAVA. Dito ay kabilang ang, pero hindi limitado sa: (1) pagtatatag ng isang kaugnayan sa Kagawaran ng mga Sasakyang De-Motor upang pabilisin ang beripikasyon ng numero ng lisensiyang ng tsuper at numero ng seguridad sosyal; (2) pagtatatag ng isang pakikipag-ugnayan sa Kagawaran ng Pagwawasto upang alamin ang katayuan ukol sa felony; at (3) pagtatatag ng isang kaugnayan sa Kagawaran ng Kalusugan upang kumuha ng impormasyon tungkol sa mga taong namatay na.

Bilang karagdagan, kapag nalinaw na ang sistema, pagpapasiyahan ng Sekretaryo ng Estado ng patuloy na pagpapanatili, suporta, mga iniaatas sa seguridad, at ang mga gastos na kaugnay ng mga iniaatas na ito, upang sumunod sa mga angkop na seksiyon ng HAVA, kabilang ang mga Seksiyon 303(a)(1)(A), 303(a)(1)(A)(vii), at 303(a)(3).

Sa una, ang gastos sa pambuong-estadong tipunan ng impormasyon ay tinatantiyang nasa pagitan ng \$8 milyon at \$40 milyon pero ang aktuwal na gastos ay maaaring kulang o higit sa mga parametrong ito, na may malaking patuloy na gastos.

MGA INIAATAS SA MGA BOTANTENG NAGPAPAREHISTRO SA PAMAMAGITAN NG KOREO

Ang Sekretaryo ng Estado ay bubuo ng mga pamamaraan para sa magkakatulad na pagpapatupad ng mga iniaatas ng Seksiyon 303(b).

Sa una, ang gastos sa bahaging ito ay tinatantiyang nasa pagitan ng \$100,000 at \$300,000 pero ang aktuwal na gastos ay maaaring kulang o higit sa mga parametrong ito.

PAGTUTURO SA BOTANTE

Ang Seksiyon 254(a) ay nag-aatas na isama sa Plano ng Estado ang isang paglalarawan kung paano ang mga pondo ng Titulo II ay gagamitin upang turuan ang mga botante para makatulong na matugunan ang mga iniaatas ng Titulo III. Ang mga pagbabago at bagong pamamaraan na iniaatas ng HAVA ay kumakatawan sa pinakamalalahagang pagbabago sa pagboto sa isang kabuuan ng buhay, at ang pagbibigay-alam ng mga pagbabagong ito sa mga botante ay mahalaga sa tagumpay ng mga reporma sa proseso ng eleksiyon.

Ang Sekretaryo ng Estado ay maglalaan ng malalaking pondo sa pagtuturo sa mga botante tungkol sa pagpaparehistro ng botante, pagboto, bagong kagamitan sa pagboto, mga karapatan ng botante, at ibang mga angkop na paksa.

Ang mga pondong ito ay magkakaloob ng mga pagsisikap na pagtuturo sa mga komunidad ng minorityang wika at may kapansanan. Ang Sekretaryo ng Estado ay gagawa ng natatanging pagsisikap upang magbigay ng kaalaman at magturo sa mga batang botante habang nagsisimula sila sa kanilang karera bilang botante.

Bilang karagdagan sa mga pondong gagastahin ng Sekretaryo ng Estado, ang mga pondo ay maaaring ilaan sa mga opisyal sa mga eleksiyon, mga indibidwal, organisasyon, at iba pa para sa pagtuturo. Ang paglalaan ng pondo ay alinsunod sa mga pamantayang itinatag ng Sekretaryo ng Estado.

Ang mga paraan ng pakikipag-ugnayan ay maaring kabilang ang: mga nakalimbag na materyal, pahayag sa radyo at telebisyon, pagpapakoreo, balitang-liham, bahay-bahay na pakikipag-usap, pag-organisa ng mga grupo sa komunidad at paggamit ng kanilang mga ugnayan upang paabutin sa komunidad, o ibang mga paraan para mabisang maabot ang iniaasinta.

Sa una, ang gastos sa bahaging ito ay tinatantiyang nasa pagitan ng \$15 milyon at \$45 milyon pero ang aktuwal na gastos ay maaaring kulang o higit sa mga parametrong ito.

EDUKASYON NG OPISYAL SA MGA ELEKSIYON

Ang Seksiyon 254(a) ay nag-aatas na isama sa Plano ng Estado ang isang paglalarawan kung paano ang mga pondo ng Titulo II ay gagamitin upang turuan ang mga opisyal sa mga eleksiyon. Ang mga opisyal sa mga eleksiyon ay ang mga tagapangasiwa ng mga reporma ng HAVA at ang kanilang kadalubhasan at patuloy na pag-aaral ay mahalaga sa matatagumpay na eleksiyon.

Ang Sekretaryo ng Estado ay bubuo ng isang plano para sa iang Akademya sa Eleksiyon upang sanayin ang mga maaaring maging opisyal sa mga eleksiyon at upang magkaloob ng patuloy na pagsasanay ng mga kasalukuyang opisyal. Ang pondong kinakailangan para sa Akademyang ito ay depende sa kurikulum at disenyo ng programa.

Sa una, ang gastos sa bahaging ito ay tinatantiyang nasa pagitan ng \$15 milyon at \$45 milyon pero ang aktuwal na gastos ay maaaring kulang o higit sa mga parametrong ito, na may patuloy na gastos.

EDUKASYON NG MANGGAGAWA SA BOTOHAN

Ang Seksiyon 254(a) ay nag-aatas na isama sa Plano ng Estado ang isang paglalarawan kung paano ang mga pondo ng Titulo II ay gagamitin upang turuan ang mga manggagawa sa botohan. Ang mga manggagawa sa botohan ay nasa unang hanay sa mga eleksiyon.

Ang Sekretaryo ng Estado ay gagasta at maglalaan ng mga pondo upang tulungan ang mga opisyal sa mga eleksiyon sa mga programa upang sanayin ang mga manggagawa sa botohan. Ang mga programang ito ay kasama, bukod sa ibang mga paksa, ang tagubilin sa tamang pagpapatakbo ng kagamitan sa pagboto, angkop na pederal at pang-estadong batas, ang mga ispesipikong pangangailangan ng minorityang wika at mga botanteng may kapansanan, bumoboto ng pansamantalang balota alinsunod sa HAVA, mga pamamaraan para sa mga botante na nagparehistro sa unang pagkakataon sa pamamagitan ng koreo, at ang mga karapatan ng mga botante.

Sa una, ang gastos sa bahaging ito ay tinatantiyang nasa pagitan ng \$15 milyon at \$45 milyon pero ang aktuwal na gastos ay maaaring kulang o higit sa mga parametrong ito, na may patuloy na gastos.

ANG BAHAGI NG KABAYARAN SA INIAATAS NA GAGAMITIN UPANG ISAKATUPARAN ANG IBANG MGA AKTIBIDAD

Pamamaraan sa reklamo

TITULO IV, SEKSIYON 402, PAHINA 126-128

Ang Sekretaryo ng Estado ay nagtatag ng isang pamamaraan sa reklamo na tumutugon sa mga iniaatas ng Seksiyon 402. Ang mga pondong kailangan sa pangangasiwa ng pamamaraang ito ay depende sa uri at bilang ng mga reklamong natanggap at inayos. Ang pondo sa pangangasiwa ng pamamaraan ay malamang na manggaling sa kabayaran sa mga iniaatas.

Sa una, ang gastos sa bahaging ito ay tinatantiyang nasa pagitan ng \$100,000 at \$300,000 pero ang aktuwal na gastos ay maaaring kulang o higit sa mga parametrong ito, na may patuloy na gastos.

Mga Karapatan sa Pagboto Ng Militar At Mga Mamamayang Nasa Ibang Bansa

TITULO VII, SEKSIYON 702, PAGHINA 145-146

Ang HAVA ay nagsusug sa Seksiyon 102 ng Batas sa Pagboto ng Nagpapadala Lamang na Nakauniporme at Mamamayang Nasa Ibang Bansa (42 U.S.C. § 1973ff-1) upang magdagdag ng isang iniaatas na ang bawat Estado ay magtalaga ng isang nag-iisang opisina na dapat maging responsable sa pagkakaloob ng impormasyon tungkol sa pagpaparehistro ng botante at mga pamamaraan ng balota ng nagpapadala lamang na gagamitin ng nakaunipormeng botanteng nagseserbisyo at mga botanteng nasa ibang bansa tungkol sa mga Pederal na eleksiyon. Ang mga ulat ay iniaatas pagkaraan ng regular na nakatakdang pangkalahatang eleksiyon para sa Pederal na katungkulan.

Sa una, ang gastos sa bahaging ito ay tinantiyang nasa pagitan ng \$100,000 at \$300,000 pero ang aktuwal na gastos ay maaaring kulang o higit sa mga parametrong ito.

KABUURAN NG MGA GASTOS AT MGA BAHAGING GINAGAMIT UPANG ISAKATUPARAN ANG MGA AKTIBIDAD

Base sa isang tinantiyang kabayaran sa mga iniaatas para sa California na \$97.1 milyon para sa Taon ng Pananalapi 2003,²² ang pinakamahusay na tantiya ng pamamahagi ay ipinapakita sa tsart sa ibaba.*

KAUTUSAN NG HAVA	TANTIYA NG GASTOS	BAHAGI NG KABAYARAN
Mga Pamantayan sa Sistema ng Pagboto - Titulo III, Seksiyon 301(a)	\$42.6 milyon - \$70 milyon	43.87%
Pansamantalang Pagboto - Titulo III, Seksiyon 302(a)	\$1 milyon - \$3 milyon	1.03%
Pagpapaskil ng Impormasyon sa Botante - Titulo III, Seksiyon 302(b)	\$100,000 - \$300,000	.1%
Pambuong-estadong Tipunan ng Impormasyon - Titulo III, Seksion 303(a)	\$8 milyon - \$40 milyon	8.24%
Beripikasyon ng Impormasyon Tungkol sa Pagpaparehistro ng Botante - Titulo III, Seksiyon 303(a)(5)	\$100,000 - \$300,000	.1%
Mga Iniaatas sa mga Partikular na Botante na Nagparehistro sa Pamamagitan ng Koreo - Titulo III, Seksiyon 303(b)	\$100,000 - \$300,000	.1%
Mga Iniaatas sa Porma para sa Pagpaparehistrong Ipinakokoreo - Titulo III, Seksiyon 303(b)(4)	\$0	0%
Edukasyon ng Botante - Titulo III	\$15 milyon - \$45 milyon	15.45%
Edukasyon ng Opisyal sa mga Eleksiyon - Titulo III	\$15 milyon - \$45 milyon	15.45%
Edukasyon ng Manggagawa sa Botohan - Titulo III	\$15 milyon - \$45 milyon	15.45%
Pamamaraan sa Reklamo (Ibang mga Aktibidad) - Titulo IV, Seksiyon 402	\$100,000 - \$300,000	.1%
Mga Karapatan sa Pagboto ng Militar at mga Mamamayang Nasa Ibang Bansa (Ibang mga Aktibidad) - Titulo VII, Seksiyon 702	\$100,000 - \$300,000	.1%
KABUUAN	\$97,100,000 - \$249,500,000	\$100% NG \$97,100,000

*Tandaan na ang patuloy na gastos ay hindi kasama at ang mga gastos at bahaging ipinabatid ay maaaring baguhin batay sa mga pagkakaiba na ipinabatid sa unahan. Ang mga nasabing inaasahang pagbabago, hindi pa alam sa panahong ito, ay itinuturing na kasama sa Planong ito na waring detalyadong nakalagay dito. Tandaan din na ang "Bahagi ng Kabayaran" na ipinabatid sa itaas ay batay sa pinakamababang "Tantiya ng Gastos" na maaaring lumitaw na hindi tunay na gastos.

IKAPITONG SEKSIYON: PAGPAPANATILI NG PAGSISIKAP

SEKSIYON 254(a)(7), PAHINA 74

KUNG PAANO ANG ESTADO, SA PAGGAMIT NG KABAYARAN SA MGA INIAATAS, AY MAGPAPANATILI NG PAGGASTA NG ESTADO PARA SA MGA AKTIBIDAD NA PINONDOHAN NG PAGBABAYAD SA ISANG ANTAS NA HINDI KUKULANGIN SA ANTAS NG NASABING PAGGASTA NA PINAMALAGI NG ESTADO PARA SA TAON NG PANANALAPI NA NATAPOS BAGO ANG NOBYEMBRE 2000.

Ang Sekretaryo ng Estado, sa pamamagitan ng mga proseso ukol sa badyet ng estado at sa mga pamamahagi ng kabayaran sa mga iniaatas, ay titiyak na ang mga aktibidad na pinondohan ng kabayaran ay pananatilihin sa isang antas na hindi kukulangin sa antas ng mga nasabing paggasta na pinanatili ng estado para sa Taon ng Pananalapi na 1999-2000.

IKAWALONG SEKSIYON: MGA HANGARIN AT HAKBANG SA PAGGANAP

SEKSIYON 254(a)(8), PAHINA 74

KUNG PAANO MAGPAPATIBAY ANG ESTADO NG MGA HANGARIN AT HAKBANG SA PAGGANAP NA GAGAMITIN NG ESTADO UPANG ALAMIN ANG TAGUMPAY AT ANG TAGUMPAY NG MGA YUNIT NG LOKAL NA PAMAHALAAAN SA ESTADONG NAGSASAKATUPARAN NG PLANO, KABILANG ANG MGA TAKDANG PANAHON SA PAGTUGON SA MGA ELEMENTO NG PLANO, MGA PAGLALARAWAN NG MGA PAMANTAYAN NA GAGAMITIN NG ESTADO UPANG MASUKAT ANG PAGGANAP AT ANG PROSESONG GINAGAMIT UPANG BUMUO NG NASABING PAMANTAYAN, AT ISANG PAGLALARAWAN KUNG PAANO BIBIGYAN NG PANANAGUTAN ANG OPISYAL SA PAGTIYAK NA NATUTUGUNAN ANG BAWAT HANGARIN SA PAGGANAP.

Ang Sekretaryo ng Estado, bilang Punong Opisyal sa mga Eleksiyon, sa pagsangguni sa mga lokal na opisyal sa mga eleksiyon at ibang mga interesadong partido, at pagkatapos isaalaang-alang anumang mga boluntaryong patnubay na pinagtibay ng Komisyon alinsunod sa Subtitulo B ng Titulo III, ay dapat na:

- ♦ bumuo ng mga hangarin at hakbang sa pagganap, na may mga takdang panahon, paglalarawan ng pamantayan, ang prosesong ginagamit upang bumuo ng pamantayan, at identipikasyon ng mga opisyal na may pananagutan, upang alamin ang pagiging mabisa ng lahat ng programa at pagsisikap na tumatanggap ng mga pondo ng HAVA;
- ♦ subaybayan, sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga lokal na opisyal sa mga eleksiyon at mga interesadong indibidwal at organisasyon, ang pagganap ng estado, mga yunit ng lokal na pamahalaan at ibang mga entidad tungkol sa pagtupad ng mga hangarin at bawat isa sa mga probisyon ng HAVA.

IKASIYAM NA SEKSIYON: MGA PAMAMARAAN SA REKLAMONG PAMPANGASIWAAN NA NAKABASE SA ESTADO

SEKSIYON 254(a)(g), PAHINA 74

ISANG PAGLALARAWAN NG MAGKAKATULAD, DI-NAGDIDISKRIMINANG MGA PAMPANGASIWAANG PAMAMARAAN SA REKLAMO NA NAKABASE SA ESTADO NA MAY-BISA SA ILALIM NG SEKSIYON 402.

Ang Seksiyon 402 (pahina 126-128) ay nag-aatas na ang estado ay magtatag at magpapanatili ng nakabase-sa-estado na pampangasiwaang pamamaraan sa reklamo na:

- ♦ magkakatulad at di-nagdidiskrimina;
- ♦ nagpapahintulot sa sinumang tao na naniniwala na may paglabag sa anumang probisyon ng Titulo III upang magharap ng reklamo;
- ♦ nag-aatas na ang reklamo ay nakasulat at ipinanotaryo;
- ♦ nagpapahintulot ng pag-iisa ng mga reklamo;
- ♦ nag-aatas na magkaroon ng pagdinig na nasa rekord kung hiniling ito ng nagreklamo;
- ♦ nag-aatas ng angkop na remedyo ang ipagkaloob kung ipinasiya ng Estado na may paglabag sa Titulo III;
- ♦ nagtatadhana na ang reklamo ay pawalang-saysay at ang mga resulta ay ilalathala kung ipinasiya na walang paglabag;
- ♦ nag-aatas na gumawa ng pangwakas na pagpapasiya loob ng 90 araw mula sa petsa na isinampa ang reklamo maliban kung ang nagreklamo ay pumayag sa isang mas matagal na panahon para gumawa ng nasabing pagpapasiya;
- ♦ nagtatadhana na ang mga panghaliling pamamaraan ng paglutas ng di-pinagkakasunduan ay itatag para sa paglutas ng reklamo sa loob ng 60 araw kung hindi natugunan ng Estado ang 90 na araw na huling araw na nakalagay sa itaas.

Sa ilalim ng mga kasalukuyang pamamaraan, sinumang tao ay maaaring magreklamo sa Sekretaryo ng Estado, bilang Punong Opisyal sa mga Eleksiyon, na ang mga batas sa mga eleksiyon o mga pamamaraan ay nilabag, nilalabag o lalabagin. Isang walang-bayad na numero ng telepono para sa layuning ito ang ipinagkakaloob at ipinahahayag sa marami. Ang mga reklamo ay maaari ring isumite sa Sekretaryo ng Estado sa paraang nakasulat. Lahat ng kapanipaniwalang paratang ay iniimbistigahan ng isa o higit na yunit ng Opisina ng Sekretaryo ng Estado, madalas na kaugnay ang lokal na opisyal sa mga eleksiyon at ibang mga opisyal ng estado.

Ang Sekretaryo ng Estado, pagkatapos sumangguni sa mga lokal na opisyal sa mga eleksiyon at mga interesadong indibidwal at organisasyon, ay nagtatag ng isang magkakatulad, di-nagdidiskrimina, nakabase-sa-estadong pampangasiwaang paraan ng reklamo na sumusunod sa Seksiyon 402 ng HAVA. Ang pamamaraan ay nagkaloob sa mga indibidwal ng makabuluhan, pinadaling paraan ng pagsasabi ng reklamo na nauukol sa pagpapatupad ng Titulo III ng

HAVA at isang angkop na remedyo kung ang paglabag ay nangyari. Ang pamamaraan ay humaharap sa mga pangangailangan ukol sa kakayahang magamit ng mga botanteng minorya ang wika at mga taong may mga kapansanan.

Ang pamamaraan sa reklamo ay nag-aawtorisa sa sinumang indibidwal na nakatira sa Estado ng California na magsampa ng isang nakasulat na reklamo sa Sekretaryo ng Estado na nagpapatang na ang Titulo III ay nilabag, kasalukuyang nilalabag o malapit nang labagin. Alinsunod sa HAVA, ang reklamo ay dapat na ipinanotaryo. (Ang Nagreklamo ay dapat pumirma sa reklamo pagkatapos panumpain ng isang notaryo publiko.) Ang reklamo ay maaaring iharap sa isang pormang itinagubilin at ihanda ng Sekretaryo ng Estado o sa anumang ibang anyo na nakakatugon sa mga tinukoy na iniaatas. Ang mga pormang itinagubilin ng Sekretaryo ng Estado ay kinakailangan upang isalin sa mga angkop na wika. Ang Sekretaryo ng Estado ay hihingi ng tulong sa komite sa pagpapayo upang gumawa ng pamamaraan sa reklamo na madaling gamitin ng mga indibidwal na may mga kapananan. Ang reklamo ay maaaring isampa nang personal sa alinmang opisina ng Sekretaryo ng Estado o ipakoreo sa Secretary of State, Elections Division, HAVA Complaint, 1500 11th Street, Sacramento, CA 95814. Ang reklamo ay dapat isampa sa loob ng 60 araw pagkatapos mangyari ng paglabag umano sa loob ng 90 araw pagkaraang malaman ng Nagreklamo ang paglabag umano, alinman ang huli. Maaaring pag-isahin ng Sekretaryo ng Estado ang mga reklamo kapag angkop. Ang Nagreklamo ay maaaring humiling ng isang pagdinig na nakarekord. Ang Sekretaryo ay magpapasiya kung ang pagdinig ay binibigkas o batay sa nakasulat na testimonya. Ang pangwakas na pagpapasiya ay dapat gawin sa loob ng 90 araw pagkaraang iharap ang reklamo. Ang angkop na remedyo ay dapat ipagkaloob kung ipinasiyang may paglabag. Sa alinmang kaso, ang pagpapasiya ay dapat na nakasulat at dapat ilagay sa website ng Sekretaryo ng Estado, maliban kung ang nasabing paglalagay ay makakasira sa imbestigasyon ng krimen o ibang ipinatutupad na aksiyon. Kung ang pagpapasiya ay hindi ginawa sa loob ng 90 araw pagkatapos magsampa ng reklamo, at reklamo ay dadalhin sa isang walang-kinikilingang Opisyal sa Pagdinig na dapat gumawa ng pagpapasiya sa loob ng 60 araw ng unang 90-araw na huling araw. Ang pagpapasiya ay dapat ilagay sa website ng Sekretaryo ng Estado, maliban kung ang nasabing paglalagay ay maaaring makasira sa imbestigasyon ng krimen at ibang aksiyon ng tagapapatupad ng batas.

IKASAMPUNG SEKSIYON: EPEKTO NG MGA KABAYARANG TITULO I

SEKSIYON 254(a)(10), PAHINA 75

KUNG ANG ESTADO AY TUMANGGAP NG KABAYARAN SA ILALIM NG TITULO I, SANG PAGLALARAWAN KUNG PAANO MAKAKAPEKTO ANG NASABING PAGBABAYAD SA MGA AKTIBIDAD NA IMINUNGKAHING ISAKATUPARAN SA ILALIM NG PLANO, KABILANG ANG HALAGA NG MGA PONDONG MAKUKUHA PARA SA MGA AKTIBIDAD NA ITO.

Ang isang kabuuang \$84 na milyon ay inaprobahan, alinsunod sa Titulo I ng HAVA. Ang mga kabayaranang natanggap alinsunod sa Seksiyon 101 ng HAVA ay ginamit o gagamitin alinsunod sa Seksiyon 101 (b)(1) (A)-(H) at Seksiyon 101(c) ng HAVA. Ang mga pondong natanggap alinsunod sa Seksiyon 102 ng HAVA ay gagamitin, alinsunod sa Seksiyon 102(a)(2) upang palitan ang mga sistema ng pagboto na punch card sa mga county na gumamit ng sistemang ito noong Pangkalahatang Eleksiyon ng 2000. Ang mga pondong Titulo I, dahil dito, ay susuplemento sa mga kinakailangang kabayaran na natanggap alinsunod sa Titulo II.

IKALABING-ISANG SEKSIYON: PAMAMAHALA NG PLANO NG ESTADO NA HAVA

SEKSIYON 254(a)(11), PAHINA 75

KUNG PAANO ISASAGAWA NG ESTADO ANG PATULUY NA PAMAMAHALA NG PLANO, MALIBAN SA ANG ESTADO AY HINDI MAAARING GUMAWA NG ANUMANG MAHALAGANG PAGBABAGO SA PANGANGASIWA NG PLANO MALIBAN KUNG ANG PLANO AY ANGKOP NA IPINAUNAWA AT INILATHALA SA *FEDERAL REGISTER*.

Ang Sekretaryo ng Estado, bilang Punong Opisyal sa mga Eleksiyon, ay dapat magkaloob ng patuloy na pagsubaybay at pangangasiwa ng pagsunod sa mga iniaatas ng HAVA. Upang padaliin ito, ang Sekretaryo ng Estado ay dapat mag-atas na:

- ♦ sinumang opisyal o ibang entidad na tumatanggap ng anumang mga pondo sa ilalim ng HAVA ay aatasan na gumawa ng mga patuloy na ulat sa mga progreso ng pagpapatupad;
- ♦ ang mga pondong iginawad sa isang iskedyul o ibang batayan na nag-aatas ng katunayan ng kasiya-siyang pagtatapos ng isang yugto ng isang proyekto bago ipamahagi ang mga pondo sa kasunod na yugoto;
- ♦ ang mga lokal na opisyal sa mga eleksiyon at mga interesadong indibidwal na organisasyon, kabilang ang mga Miyembro ng Komite sa Pagpapayo sa Plano ng Estado ng California na kalahok sa pagbuo ng Planong ito, ay dapat patuloy na kunsultahin tungkol sa pamamahala ng Plano ng Estado at anumang nadaramang problema sa pagpapatupad at/o sa pangangailangan ng mahalagang pagbabago;
- ♦ walang mahalagang pagbabago na gagawin sa pangangasiwa ng Plano ng Estado bago ang angkop na paunawa at pagpapalathala sa *Federal Register*.

IKALABINDALAWANG SEKSIYON: MGA PAGBABAGO SA PLANO NG ESTADO MULA SA NAUNANG TAON NG PANANALAPI

SEKSIYON 254(a)(12), PAHINA 75

SA KASO NG ISANG ESTADO NA MAY PLANO NG ESTADO NA MAY-BISA SA ILALIM NITONG SUBTTULO SA NAUNANG TAON NG PANANALAPI, ISANG PAGLALARAWAN KUNG PAANO MAGPAKITA ANG PLANO NG MGA PAGBABAGO MULA SA PLANO NG ESTADO PARA SA NAUNANG TAON NG PANANALAPI AT KUNG PAANO NAGTAGUMPAY ANG ESTADO SA PAGSASAKATUPARAN NG PLANO NG ESTADO PARA SA NASABING NAUNANG TAON NG PANANALAPI.

Hindi angkop. Ito ang unang taon ng Plano ng Estado ng California.

IKALABINTATLONG SEKSIYON: KOMITE SA PAGBUO NG PLANO NG ESTADO

SEKSIYON 254(a)(13), PAHINA 76

ISANG PAGLALARAWAN NG KOMITENG LUMAHOK SA PAGBUO NG PLANO NG ESTADO ALINSUNOD SA SEKSIYON 255 AT SA MGA PAMAMARAANG SINUSUNOD NG KOMITE SA ILALIM NG NASABING SEKSIYON AT SEKSIYON 256.

Tulad ng tinalakay sa itaas sa Pangkalahatang-tanaw, ang Planong ito ay binuo sa pamamagitan ng isang komite ng dalawampu't-apat na indibidwal na kumakatawan sa iba-ibang Taga-California. Tulad ng iniaatas ng Seksiyon 255(a), kabilang sa mga indibidwal ang mga punong opisyal sa mga eleksiyon ng dalawang hurisdiksiyon na pinakamarami ang tao na nagsasagawa ng mga pederal na eleksiyon sa California (County ng Los Angeles at Orange); ibang mga lokal na opisyal sa mga eleksiyon, mga apektado, kabilang ang mga kinatawan ng mga grupo ng mga indibidwal na may mga kapansanan, at ibang mga tao. Ang listahan ng mga miyembro at impormasyon tungkol sa buhay ay nagsisimula sa pahina 37.

Ang Komite, gaya ng tinalakay sa Pangkalahatang-tanaw, ay nagsagawa ng limang pampublikong pagdinig na nag-imbiba at tumanggap ng mga komentaryo sa publiko. Ang komite pagkaraan ay nagpulong sa Sacramento at ang mga Miyembro ay gumawa ng mga rekomendasyon sa Sekretaryo ng Estado tungkol sa nilalaman ng Preliminaryong Plano ng Estado. Ang mga rekomendasyon, gayon din ang mga komentaryong natanggap sa publiko, ay isinaalang-alang ng Sekretaryo ng Estado sa paggawa ng Preliminaryong Plano ng Estado.

Pagkatapos ihanda ang Preliminaryong Plano para sa pagsisiyasat at komentaryo, ang mga karagdagang komentaryo ay isinumite ng mga miyembro sa publiko at ng mga miyembro ng Komite sa Pagpapayo. Ang mga komentaryong ito ay maingat na isinaalang-alang ng Sekretaryo ng Estado sa paghahanda ng Plano ng Estado ng California.

Para sa isang talakayan ng mga pamamaraan na sinunod ng Komite sa pagbuo ng Plano ng Estado, tingnan ang Pangkalahatang-tanaw sa pahina 6.

MGA MIYEMBRO NG KOMITE



ROB MCKAY, TAGAPANGULO

MCKAY FOUNDATION

Si G. McKay ay Presidente ng McKay Foundation, isang pundasyon ng pamilya na nagbibigay ng mga gawad sa mga grupong pangkomunidad na nagtatrabaho para sa katarungang panlipunan at pangkabuhayan. Siya ay ang namamahalang partner ng McKay Investment Group, na nagkaloob ng puhunan sa unang-yugtong teknolohiya at mga kompanya ng produkto ng tagagamit. Siya ay kilala sa California sa kanyang pagtataguyod ng paglahok sa proseso ng pagboto. Siya ang tagapagtaguyod ng Panukala 52 ng balota ng Nobyembre 2002, isang dalawang-partidong panukalang-batas upang magtatag ng Pagpaparehistro ng Botante sa Araw ng Eleksiyon sa California.



R. MICHAEL ALVAREZ


PROFESSOR OF POLITICAL SCIENCE, CALTECH

(PROFESOR NG AGHAM NA PAMPULITIKA, CALTECH)

CALTECH/MIT VOTING TECHNOLOGY PROJECT

(PROYEKTONG TEKNOLOHIYA SA PAGBOTO NG CALTECH/MIT)


Si R. Michael Alvarez ay nagtuturo ng agham na pampulitika sa Caltech mula Disyembre 1992. Tumanggap siya ng B.A. sa agham pampulitika noong 1986 mula sa Carleton College; tumanggap siya ng M.A. at Ph.D. mula sa Duke University noong 1990 at 1992, ayon sa pagkakasunod-sunod. Iniukol niya ang karamihan sa kanyang pananaliksik at pagtuturo sa pag-aaral ng pulitika ng eleksiyon sa Estados Unidos. Si Propesor Alvarez ay ka-direktor ng Caltech/Proyektong Teknolohiya sa Pagboto ng MIT, gumagawa ng pananaliksik para sa mga solusyon ng teknolohiya sa mga problema sa paghalal. Siya ay isang Pangunahing Tagasiyasat sa Eksperimentong Ligtas na Elektronikong Pagpaparehistro at Pagboto (SERVE), na pinag-aaralan ang pagboto sa Internet para sa mga sibilyang nasa ibang bansa at militar sa pamamagitan ng isang kontrata sa Kagawaran ng Depensa. Katatapos pa lamang ni Alvarez ng isang bagong proyektong libro kasama si Thad Hall sa kakayahang maganap ng pagboto sa Internet na tinatawag na "Point, Click and Vote" (Ituro, Mag-klik at Bumoto).



HARLEY AUGUSTINO

COALITION FOR A LIVING WAGE (KOALISYON PARA SA NAKAKABUHAY NA SAHOD)

Si Harley Augustino ay ang Tagaorganisang Panlarangan ng Koalisyon para sa Nakakabuhay na Sahod, isang koalisyon ng paggawa-komunidad sa Santa Barbara na nagtataguyod ng mga patakaran ukol sa katarungang pangkabuhayan habang bumubuo ng kapangyarihan at pamumuno ng mga residenteng mababa ang kita. Nagtapos sa UCSB, siya ay namuno sa maraming kampus sa pagpaparehistro at paglahok ng botante na nakabase sa komunidad. Siya ay kasama sa nagtatag ng Unyon ng mga Nakatira sa Isla Vista noong 1998 at nahalal sa isang apat-na-taong panunungkulan bilang Direktor ng Distrito ng Libangan at Parke ng Isla Vista noong taong 2000.



ROBERT BALGENORTH

STATE BUILDING AND CONSTRUCTION TRADES COUNCIL

(KONSEHO SA MGA GAWAING PAGTATAYO AT KONSTRUKSIYON NG ESTADO)

Si Robert Balgenorth ay Presidente ng Konseho sa mga Gawaing Pagtatayo at Konstruksiyon ng California, AFL-CIO mula 1993. Ang Konseho, na kumakatawan sa higit sa 200 lokal na unyon sa mga gawaing pagtatayo at mga panrehiyong konseho, ay nagtatrabaho upang pabutihin ang kondisyon ng kabuhayan, kalusugan at kaligtasan sa trabaho ng humigit-kumulang na 400,000 nagtatrabaho sa industriya ng konstruksiyon ng estado. Noong 1999, siya ay hinirang sa Komisyon sa Paggawa ng Gobernador para sa ika-21 Siglo kung saan siya ay naglingkod bilang ka-tagapangulo para sa mga Komite sa mga Pasilidad at Pananalapi. Noong 2002, siya ay hinirang sa Lupon sa Pamumuhunan ng Lakas Paggawa at sa Komisyon sa Transportasyon ng California kung saan siya ay naglingkod bilang Pangalawang Tagapangulo.



ARDIS BAZYN

CALIFORNIA COUNCIL OF THE BLIND (KONSEHO NG BULAG NG CALIFORNIA)

Si Ardis Bazyn ay kasalukuyang Ingat-yaman ng Konseho ng Bulag ng California na nakabase sa Washington, D.C.; Sekretarya para sa Konseho ng Bulag ng California; Unang Bise Presidente ng Mga Independenteng Mamumuhunan na may Kapansanan sa Paningin at Miyembro ng Lupon ng Randolph Sheppard na Tagabenta ng Amerika. Siya ay isang tagapagsalitang tagabunsod, tagasanay at manunulat sa Bazyn Communications. Siya ay naglathala ng maraming artikulo at Libro. Noong 2001, siya ay gumawa ng isang buklet para sa mga Bulag na Estudyante ng California, "A Guide to a Successful College Experience" (Isang Patnubay sa Matagumpay na Karanasan sa Kolehiyo). Siya ay may-ari ng maraming negosyo at aktibo sa iba-ibang organisasyon ng negosyo at tagagamit.



MIGUEL CONTRERAS

LOS ANGELES COUNTY FEDERATION OF LABOR, AFL-CIO

(PEDERASYON NG PAGGAWA NG COUNTY NG LOS ANGELES AFL-CIO)

Si Miguel Contreras ay Sekretaryo-Ingat-yaman ng Pederasyon ng Paggawa ng County ng Los Angeles, AFL-CIO. Siya ang unang Latino na nahalal na lider ng 107 taong gulang na Pederasyon ng 350 kasaping unyon na kumakatawan sa higit sa 750,000 miyembro. Siya ay naglilingkod sa mga Lupon ng Kawanihan ng Kombensiyon at mga Bisita ng L.A., United Way ng Los Angeles, Komisyon sa Paliparan ng Los Angeles, at Awtoridad sa Pagsusuri ng mga Sugapa sa Narkotiko ng California. Siya ay nakalista sa "100 Pinakamaimpluwensiyang Hispaniko" sa "Hispanic Business Magazine" (Hispanikong Magasing Pangnegosyo) sa nakaraang tatlong taon.



FRANCISCO ESTRADA

MEXICAN AMERICAN LEGAL DEFENSE AND EDUCATIONAL FUND (MALDEF)

(PONDO SA DEPENDANG PAMBATAS AT PANG-EDUKASYON NG MEKSIKANO AMERIKANO)

Si Francisco Estrada ay Nakatataas na Tagasuri ng Patakaran sa opisina sa Sacramento ng Pondo sa Dependang Legal at Pang-edukasyon ng Meksikano Amerikano (MALDEF) na nagtatrabaho sa mga isyung pang-edukasyon at paggamit ng lupa. Siya ay kumakatawan sa MALDEF sa Komiteng Tagapangasiwa ng California Futures Network. Bago siya nagtrabaho sa MALDEF, siya ay matagal na tauhan ni Miyembro ng Kongreso Bob Filner. Sa lokal at pederal na antas, siya ay nagtrabaho sa maraming isyu kabilang ang mga proyekto sa tubig, basurang-tubig, impraistraktura ng transportasyon imigrasyon, enerhiya, at proteksiyon ng kapaligiran.



KATHAY FENG

ASIAN PACIFIC AMERICAN LEGAL CENTER (APALC)

(SENTRONG PAMBATAS NG ASYANO PASIPIKO AMERIKANO)

Si Kathay Feng ay Direktor ng Programa ng Yunit sa mga Karapatan sa Pagboto sa Sentrong Pambatas ng Asyano Pasiipiko Amerikano. Siya ay nagtrabaho sa maraming lugar sa mga karapatang sibil kabilang ang mga karapatan sa pagboto at muling pagdistrito, mga krimen ng pagkamuhi, pananagutan ng pulisya, at laban sa diskriminasyon. Siya ay kasalukuyang kalahok sa mga pagsisikap ng APALC na bumuo ng isang pambuong-estadong ugnayan ng mga tagapagtaguyod sa mga pangunahing isyung pampatakaran na tulad ng mga karapatan sa pagboto, mga karapatan sa wika at mga karapatan ng tagagamit. Si Ms. Feng ay naglilingkod, o naglingkod, sa Konseho sa Patakaran at Pagpapalano ng Asyano Pasiipiko, sa Komite sa Pagpapayo ng Sekretaryo ng Estado ng California tungkol sa Paglahok ng Botante at Pakikipag-ugnayan, Komisyon sa mga Relasyon ng Tao sa County ng LA, API Forum ng Hepe ng Pulisya ng LAPD, ang Konseho sa Pagpapayo sa Pulisya ng Asyano Pasiipiko Amerikano, Organisasyon ng mga Tsino Amerikano, at Lupon ng Los Angeles sa Pambansang Forum ng Kababaihang Asyano Pasiipiko Amerikano.



ROSALIND GOLD

**NATIONAL ASSOCIATION OF LATINO ELECTED AND APPOINTED OFFICIALS (NALEO)
EDUCATIONAL FUND**

(PONDO SA EDUKASYON NG PAMBANSANG KAPISANAN NG MGA INIHALAL AT HINIRANG NA OPISYAL NA LATINO)

Si Rosalind Gold ay naglilingkod bilang Nakatataas na Direktor sa Patakaran at Pagtaguyod sa Pondo sa Edukasyon ng NALEO, kung saan siya ay nagtrabaho sa higit sa isang dekada sa pagsusuri ng patakaran at pananaliksik para sa naturalisasyon at mga pagsisikap ng organisasyon ukol sa kapangyarihang pampolitika ng Latino. Sa kanyang kadalubhaasaan ay kabilang ang reporma sa eleksiyon, ang tuwing sampung taong Senso at ang muling pagbalangkas ng burukrasya sa imigrasyon ng bansa. Tinanggap niya ang kanyang J.D. mula sa Harvard Law School at ang kanyang B.A. mula sa Pomona College sa Claremont, California.



MARGARET JAKOBSON
PROTECTION & ADVOCACY, INC. (PAI)

Si Margaret Jakobson ay labing-anim na taon nang nagtatrabaho para sa California Protection and Advocacy, Inc. (PAI). Siya ay abugadang naglingkod sa mga kliyenteng may kapansanan sa pag-unlad sa anim na taon at saka abugadang naglingkod sa mga kliyenteng may mga kapansanan sa katawan, isip at pandama. Siya ay espesyalista sa mga isyu tungkol sa espesyal na edukasyon, pagiging karapat-dapat sa mga serbisyo sa mga may kapansanan sa pag-unlad, at litigasyon sa Batas sa mga Amerikanong may mga Kapansanan, kabilang ang litigasyon sa pampublikong paghahatid. Siya ay naging namamahalang abugada sa panrehiyong opisina sa Oakland noong 1999 at hinawakan ang posisyon hanggang lumipat siya sa San Diego noong 2001. Sa San Diego nagtatag siya ng isang bagong panrehiyong opisina ng PAI, namamahalang abugado sa opisinang iyon, at espesyalista sa espesyal na edukasyon, litigasyon sa Batas sa mga Amerikanong may mga Kapansanan, batas sa transportasyon, mga karapatan sa pagboto at ibang serbisyo at pagtataguyod sa mga karapatang sibil para sa mga taong may mga kapansanan.



CYNDI JONES
EXPLODING MYTHS, INC.

Si Cyndi Jones ay Presidente ng Exploding Myths, Inc. Siya may higit sa 40 taong karanasan bilang tagapagtaguyod ng mga karapatan ng may kapansanan. Bilang publisista, siya ay nagtaguyod ng pagyabong ng MAINSTREAM Magazine mula sa apat na pahinang lokal na balitang-liham hanggang maging premyadong makintab na pambansang magasin na naglilingkod sa mga taong may mga kapansanan. Siya ay naglingkod sa maraming lupon sa mga isyung tungkol sa media at kapanasan, kabilang ang komperensiyang Bagong Direksiyon para sa mga Balita sa Freedom Forum tungkol sa mga grupong kulang ang pagkatawan sa media noong 1993.



LAURA KERR
CALIFORNIA STATE STUDENT ASSOCIATION
(KAPISANAN NG ESTUDYANTE NG ESTADO NG CALIFORNIA)

Si Laura Kerr ay Direktor ng mga Relasyon sa Pamahalaan ng Kapisanan ng Estudyante ng Estado ng California. Siya ay aktibong kalahok sa pambuong-estadong pagtataguyod ng estudyante at patakaran sa mas mataas na edukasyon mula noong 1998. Siya ay nakarehistrong tagalobi para sa kapisanan at masusing sumusubaybay sa mga pampublikong patakaran, personalidad, at institusyon na nakakaapekto sa mga estudyante ng CSU at humuhubog ng pulitika sa mas mataas na edukasyon sa California. Sa kapasidad na ito, siya ay nag-ugnay ng pagpaparehistro ng botante ng kapisanan, kampanya sa edukasyon ng botante at pagpapagboto at tagapamagitan sa Koalisyon sa Boto ng Kabataan ng California. Siya ay nagtapos sa Humboldt State University noong 2001.



GEOFFREY KORS
EQUALITY CALIFORNIA (EQCA)

Si Geoffrey Kors ay Direktor na Tagapagpaganap ng Equality California (EQCA), organisasyon sa paglulobi para sa lesbian, gay, bisexual at transgender ng California. Ang Equality California ay dating kilala bilang California Alliance for Pride and Equality (CAPE). Si G. Kors ay nagtapos sa Stanford Law School at aktibo sa komunidad ng LGBT sa dalawampung taon. Bago lumahok sa EQCA, siya ay kasama sa kompanyang pambatas na Wotman, Kors & Clouiter, LLP kung saan siya ay humawak pangunahin ng mga bagay ukol sa mga karapatan ng gay. Siya ay nakapaglingkod bilang Direktor pareho ng mga proyekto ukol sa Mga Karapatan ng Gay at Lesbian at AIDS at mga Kalayang Sibil ng ACLU ng Illinois at bilang Punong Tauhan kay Superbisor ng San Francisco Leslie Katz. Si G. Kors ay nagpasimula ng Ordinansa sa mga Pantay ng Benepisyo ng San Francisco na ngayon ay batayan ng AB 17, isang panukalang-batas sa Asembleya ng California.




CYNTHINA McCLAIN-HILL
NATIONAL ASSOCIATION OF WOMEN BUSINESS OWNERS (NAWBO)
(PAMBANSANG KAPISANAN NG MGA BABAING MAY-ARI NG NEGOSYO)

Si Cynthia McClain-Hill ay tagapagtagatag at prinsipal ng kompanyang pambatas na McClain-Hill Associates sa Los Angeles. Ang kompanyang pambatas ay espesyalista sa Paggamit ng Lupa, Pagpaplano at Batas na Pangkapaligiran, Batas na Pampubliko at Pampangasiwaan at pagbuo ng paublikong patakaran at pagtataguyod. Siya ay kasalukuyang naglingkod sa Lupon ng mga Direktor ng Pambansang Pundasyon sa Kalusugan, Nahalal na Presidente ng Pambansang Kapisanan ng mga Babaing May-ari ng Negosyo-Los Angeles, miyembro ng Lupon ng mga Konsehal ng Pundasyon ng UCLA, at sumusuporta sa maraming organisasyong ng kawanggawa na naglalayong pahasayin ang mga pagkakataon para sa mga babae at minority. Si Ms. McClain-Hill ay dating naglingkod sa Estado ng California bilang isang miyembro ng Komisyon sa mga Makatarungang Gawaing Pampulitika ng California at ngayon ay naglingkod bilang hinirang ng Gobernador ng California sa Komisyon sa Baybay-dagat ng California.



CONNY McCORMACK
LOS ANGELES COUNTY REGISTRAR-RECORDER/COUNTY CLERK
(TAGAPAGREHISTRO-TAGAREKORD/KLERK NG COUNTY NG COUNTY NG LOS ANGELES)

Si Conny McCormack ay ang Tagapagrehistro-Tagarekord/Klerk ng County ng County ng Los Angeles. Bilang Tagapagrehistro ng mga Botante, siya ay responsable sa pagsasagawa ng mga eleksiyon sa pinakamalaking hurisdiksiyon sa paghalal sa Estados Unidos, na may higit sa 4 na milyong nakarehistrong botante at 5,000 presinto sa pagboto. Siya ay nagsasagawa ng pederal, pang-estado at pang-county na eleksiyon at, sa pamamagitan ng kontrata, ay nagsasagawa o sumusuporta sa mga lokal na eleksiyon para sa 88 lungsod, 100 distrito ng paaralan at 149 na espesyal na distrito. Bago naging Tagapagrehistro ng mga Botante sa Los Angeles, siya ay naglingkod bilang Tagapagrehistro ng Botante sa County ng San Diego mula 1987 hanggang 1994 at Tagapangasiwa sa mga Eleksiyon sa County ng Dallas, Texas, mula 1981-1987. Siya ay naglingkod din bilang pandaigdig na kasanguni sa mga eleksiyon sa limang bansa.



ELISEO MEDINA

**ORGANIZATION OF LOS ANGELES WORKERS (OLAW)
(ORGANISASYON NG MGA MANGGAGAWA NG LOS ANGELES)**

Si Eliseo Medina ay Pandaigdig na Bise Presidenteng Tagapagpaganap ng Pandaigdig na Unyon ng mga Empleyadong Nagseserbisyo (SEIU) na nakabase sa Los Angeles. Siya ay tumulong na gawin ang SEIU na pinakamabilis lumaking unyon sa West Coast at ang pinakamalaking unyon sa California at sa bansa. Noong 1996, gumawa siya ng kasaysayan nang siya ay mahalal na unang Meksikano Amerikano sa pinakamataas na pamunuan sa 1.5 milyong miyembrong SEIU. Siya ay tumulong na palakasin ang mga ugnayan ng Simbahang Katoliko at ng lakas paggawa upang magtrabaho para sa magkakaparehong inaalala tulad ng mga karapatan ng mga mangggawang imigrante at daan sa pangangalagang pangkalusugan.



VIGO G. (CHIP) NIELSEN, JR.

NIELSEN, MERKSAMER, PARRINELO, MUELLER & NAYLOR, LLP

Si Chip Nielsen ay prominenteng espesyalista sa pederal at pang-estadong kampanya, pagloloji, salungatan ng interes at mga batas sa di-nagtutubo. Ang kanyang kompanya ay kumakatawan sa mga kliyente sa kampanya, mga batas sa pagloloji at regalo sa lahat ng 50 estado. Siya ay Ka-tagapangulo at Ka-editor ng taunang seminar ng Instituto ng Pagtatrabaho Ukol sa Batas at kasong libro tungkol sa "Corporate Political Activities" (Mga Aktibidad na Pampolitika ng Korporasyon), (1978-Kasalukuyan). Naglingkod siya sa Lupon sa Pagpapayo, Instituto ng mga Pag-aaral ng Pamahalaan, University of California, Berkeley, (1993-Kasalukuyan). Siya ay naglingkod bilang Komite ng Tagapayong Pambatas ni Gobernador Pete Wilson (1989-1999); Komite ni Senador Pete Wilson (1981-1991); Art Agnos para Alkalde ng San Francisco (1987-1991); George Moscone para Alkalde ng San Francisco (1975-1978).



ART PULASKI

**CALIFORNIA LABOR FEDERATION, AFL-CIO
(PEDERASYON NG PAGGAWA NG CALIFORNIA, AFL-CIO)**

Si Art Pulaski ay Sekretaryong Tagapagpaganap na Ingat-yaman ng Pederasyon ng Paggawa ng California, AFL-CIO. Sa kanyang panunungkulan, ang mga pangkaraniwang miyembro ng Pederasyon ay nagdoble. Bilang Presidente ng "Ginagawa Natin ang Trabaho," tumulong siyang bumuo ng matagumpay, nakatelebisyon sa bansa na serye sa PBS. Naglingkod siya sa mga lupon ng Konseho ng Balanseng Pangkabuhayan at Pangkapaligiran, ang Proyekto ng Paggawa para sa mga Nagtatrabahong Pamilya, Lupon sa Pamumuhunan ng Manggagawa ng Estado, Komisyon sa Pagtatayo ng Goberandor para sa ika-21 Siglo at Lupon ng mga Gobernador ng Potomac.



ANN REED

PRESIDENT, CALIFORNIA ASSOCIATION OF CLERKS AND ELECTIONS OFFICIALS AND THE SHASTA COUNTY REGISTRAR OF VOTERS

(PRESIDENTE, KAPISANAN NG MGA KLERK AT OPISYAL SA MGA ELEKSIYON NG CALIFORNIA AT MGA TAGAPAGREHISTRO NG BOTANTE NG COUNTY NG SHASTA)

Si Ann Reed ay kasalukuyang Presidente ng Kapisanan ng mga Klerk at Opisyal sa mga Eleksiyon ng California. Siya ay inihalal na Klerk/Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Shasta, unang inihalal noong 1982. Bago ang paghalal sa kanya, siya ang Katulong ng Klerk/Tagarekord ng mga Botante ng County mula noong 1978, at nagtrabaho sa opisina mula noong 1963.



STEVE RODERMUND

ORANGE COUNTY REGISTRAR OF VOTERS

(TAGAREHISTRO NG MGA BOTANTE NG COUNTY NG ORANGE)

Si Steve Rodermund ay ang Tagarehistro ng mga Botante ng County ng Orange. Ang County ng Orange ay ikalawa sa may pinakaraming tao sa mga county na may 1.3 milyong nakarehistrong botante, nangangailangan ng suporta sa Ingles, Intsik, Koreano, Espanyol, at Biyetnames. Kasalukuyang pinapalitan ng County ng Orange ang sistema ng pagboto na punch card na sistemang Hart DRE, na ipapatupad sa buong county sa Marso 2004. Si G. Rodermund ay nagretiro sa militar noong 1992. Mula noon siya ay naglingkod sa iba-ibang posisyon sa Awtoridad sa Transportasyon ng County ng Orange at sa Opisina ng Tagapagpaganap ng County ng County ng Orange.



ARTURO RODRIGUEZ

UNITED FARM WORKERS OF AMERICA, AFL-CIO

(NAGKAKAISANG MANGGAGAWA NG BUKID NG AMERIKA, AFL-CIO)

Si Arturo Rodriguez ay ang Presidente ng Nagkakaisang Manggagawa ng Bukid ng Amerika, AFL-CIO. Bilang Presidente, ipinagpapatuloy niya ang gawain ng unyon na itinatag ni Cesar Chavez, na namatay noong 1993. Si G. Rodriguez ay pumalit kay G. Chavez sa pagiging presidente. Siya ay aktibo sa unyon at sa misyon nito mula noong 1969. Noong 1995, siya ay nahalal sa namamahahalang Konsehong Tagapaganap ng AFL-CIO.



MARION TAYLOR

LEAGUE OF WOMEN VOTERS OF CALIFORNIA

(LIGA NG KABABAIHANG BOTANTE NG CALIFORNIA)

Si Marion Taylor ay Direktor ng Pamahalaan para sa Liga ng Kababaihang Botante ng California. Isang miyembro ng Liga ng Kababaihang Botante mula 1968, siya ay aktibo sa trabaho ng Serbisyo ng mga Botante ng Liga, partikular sa paggawa ng mga presentasyon tungkol sa mabuti at masama sa mga pambuong-estadong panukalang-batas sa balota at namamagitan sa mga talakayan ng kandidato. Siya ay nagbibigay ng impormasyon sa Smart Voter, ang online na patnubay ng Liga na nagkaloob ng daan sa isang balota na idinisenyo para sa isang partikular na direksiyon at isinasama ang impormasyon mula sa mga opisyal sa mga eleksiyon, kandidato, pahayagan, at di-partidistang mga website. Siya ay 25 taong nagsilbing katiwala ng aklatan sa University of California sa Santa Cruz.



TED WANG

CHINESE FOR AFFIRMATIVE ACTION (CAA) (TSINO PARA SA APIRMATIBONG AKSIYON)

Si Ted Wang ay Direktor sa Patakaran ng Tsino para sa Apirmatibong Aksiyon (CAA), kung siya ay tagapagtaguyod sa ibang bansa ng mga karapatang sibil na nakakaapekto sa mga Asyano Amerika at nangangasiwa ng pagsasanay para sa trabaho sa mga manggagawang maliit ang kita. Si G. Wang ay gumawa ng maraming batas at patakaran ukol sa imigrante at mga karapatang sibil pareho sa mga antas ng estado at lokal na antas sa California, humawak ng mga kaso sa ilalim ng pederal na Batas sa mga Karapatan sa Pagboto at Pambansang Batas sa Pagpaparehistro ng Botante, at tumulong na bumuo ng mga lokal na plano upang ipatupad ang mga iniaatas na tulong sa wika ng Seksiyon 203 ng VRA, gayon din ang mga pamamaraan sa pagpapahintulot sa mga karapat-dapat na bilanggo na bumoto sa mga kulungan ng county ng San Francisco. Bago ang paglahok sa CAA, si G. Wang ay abugado sa Komite ng mga Abugado sa mga Karapatang Sibil ng San Francisco Bay Area.



DR. GERALDINE WASHINGTON

NATIONAL ASSOCIATION FOR THE ADVANCEMENT OF COLORED PEOPLE (NAACP)

(PAMBANSANG KAPISANAN SA PAGSULONG NG MGA TAONG MAY KULAY)

Si Dr. Geraldine Washington ay Presidente ng NAACP ng Los Angeles. Siya ay naglingkod bilang Presidente ng Sangay ng NAACP at Bise Presidente, Presidente at Bise Preesidente para sa mga Babae sa NAACP at Tagapag-ugnay ng Win sa Rehiyon I, na binubuong siyam na estado sa kanluran, Hapon, Alemanya at Korea. Siya ay naglingkods sa Konseho sa Pagpapayo ng EEOC sa County ng Los Angeles, Koalisyon ng Imahen sa Media (Sub-Komite sa mga Relasyong Pantao), at Kaugnayan ng Pamumunong Aprikano Amerikano Hudyo.

MGA TALANG PANDULO

MGA TALANG PANDULO

- ¹ Bilang mg bumotong karapat-dapat na botante ni Dr. Michael P. McDonald, George Mason University, tingnan ang http://elections.gmu.edu/voter_turnout.htm.
- ² *Ulat ng Pagpaparehistro*, Sekretaryo ng Estado, ika-10 ng Pebrero, 2003.
- ³ *Kodigo sa mga Eleksiyon* § 10, *Kodigo ng Pamahalaan* § 12172.5.
- ⁴ *Ulat ng Pagpaparehistro*, Sekretaryo ng Estado, ika-10 ng Pebrero, 2003.
- ⁵ Stats.2001, c. 922 (AB 1520-Shelley).
- ⁶ Pampublikong Batas 107-252.
- ⁷ Lahat ng komentaryong sinuri, gayon ang lahat ng dokumento at ibang mga materyal na nilikha kaugnay ng mga pagdinig, ay makukuha para suriin sa Opisina ng Sekretaryo ng Estado ng California, Dibisyon sa mga Eleksiyon, 1500 11th Street, 5th Floor, Sacramento, California 95814.
- ⁸ Lahat ng komentaryong natanggap, gayon din ang lahat ng dokumento at ibang mga materyal na nilikha kaugnay ng Plano ng Estado, ay makukuha para suriin sa Opisina ng Sekretaryo ng Estado ng California, Dibisyon sa mga Eleksiyon, 1500 11th Street, 5th Floor, Sacramento, California 95814.
- ⁹ Ang mga pagtukoy sa mga pahina ng pangwakas na bersiyon ng HAVA, ay nakalagay sa website ng Sekretaryo ng Estado ng California sa www.ss.ca.gov.
- ¹⁰ Kung hindi binanggit, lahat ng pagtukoy sa Titulo ay sa HAVA.
- ¹¹ Seksiyon 10 ng Kodigo sa Eleksiyon at Seksiyon 12172.5 ng Kodigo ng Pamahalaan.
- ¹² Seksiyon 10 ng Kodigo sa Eleksiyon at Seksiyon 12172.5 ng Kodigo ng Pamahalaan.
- ¹³ Seksiyon 10 ng Kodigo sa Eleksiyon at Seksiyon 12172.5 ng Kodigo ng Pamahalaan.
- ¹⁴ Maliban sa mga tinukoy na pagkakataon, ang Estado ay puwedeng maghangad ng pagtalikdan ng iniaatas hanggang ika-1 ng Enero, 2006. Ang huling araw sa paghahangad ng pagtalikdan ay ika-1 ng Enero, 2004.
- ¹⁵ Seksiyon 10 ng Kodigo sa Eleksiyon at Seksiyon 12172.5 ng Kodigo ng Pamahalaan.
- ¹⁶ Ang petsa ng pagkakabisa ay depende sa paggamit ng Seksiyon 303(d)(1)(A) o (B).
- ¹⁷ Seksiyon 10 ng Kodigo sa Eleksiyon at Seksiyon 12172.5 ng Kodigo ng Pamahalaan.
- ¹⁸ Seksiyon 10 ng Kodigo sa Eleksiyon at Seksiyon 12172.5 ng Kodigo ng Pamahalaan.
- ¹⁹ Ito ay nagpapalagay na ang California ay walang sumusunod sa HAVA na pambuong-estadong tipunan ng impormasyon ng pagpaparehistro ng botante.
- ²⁰ Seksiyon 10 ng Kodigo sa Eleksiyon at Seksiyon 12172.5 ng Kodigo ng Pamahalaan.
- ²¹ Seksiyon 10 ng Kodigo sa Eleksiyon at Seksiyon 12172.5 ng Kodigo ng Pamahalaan.
- ²² Ito ay nagpapalagay na ang kabuuang paglalaan na \$830 milyon sa halip na \$1.4 bilyon na inawtorisa para sa Taon ng Pananalapi na 2003 ng Seksiyon 257(a)(1) ng HAVA. Walang ginawang pagpapalagay tungkol sa mga paglalaan sa mga kasunod na taon.

myVote
COUNTS

www.myvotecounts.org